المملكة العربية السعودية

وزارة الشؤون الإسلامية والدعوة والإرشاد


281


# ANG PATNUBAY

*Sa Nagsasagawa Ng*

# HAJJ, UMRAH

*At Dumadalaw Sa Masjid Ng Propeta*




*Sinulat Ng*

**Agency Of Islamic Enlightenment in Hajj**

*Sinang-ayunan Ng*

**Permanent Committee of Islamic Research and Fatwa**

*At Ni Shaikh*

**Muhammad Bin Saleh Al-Uthaimin**



وكالة المطبوعات والبحث العلمي

info@islam.org.sa

**ANG PATNUBAY**

*Sa Nagsasagawa Ng*

**HAJJ, UMRAH**

*At Dumadalaw Sa Masjid Ng Propeta*

# ANG PATNUBAY

*Sa Nagsasagawa Ng*

# HAJJ, UMRAH

*At Dumadalaw Sa Masjid Ng Propeta*

*Sinulat Ng*

**Agency Of Islamic Enlightenment in Hajj**

*Sinang-ayunan Ng*

**Permanent Committee of Islamic Research and Fatwa**

*At Ni Shaikh*

**Muhammad Bin Saleh Al-Uthaimin**

*Isinalin Sa Filipino Nina*

**Ahmad Jibreel Salas**

**Muhammad Sultan Sahagun**

**Abu Jihad Jamal Joves**

**Monib M. Sarangani**

*Ang Pabliser*

**Under-Secretariat for Publications and Research**

**Ministry Of Islamic Affairs, Da'wah and Guidance**

1439 H

ح وزارة الشؤون الإسلامية والدعوة والإرشاد ، ١٤٣٥ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

هيئة التوعية الإسلامية في الحج

دليل الحاج والمعتمر باللغة الفلبينية ./ هيئة التوعية الإسلامية في الحج.- الرياض ، ١٤٢٦هـ.

١١٢ ص ، ١٢ X ١٧ سم

ردمك : ٤ - ٥٢١ - ٢٩ - ٩٩٦٠

١ - الحج ٢ - العمرة أ . العنوان

ديوي ٢٥٢,٣ ١٤٢٦/٥٥٣٠

رقم الإيداع : ١٤٢٦/٥٥٣٠

ردمك : ٤ - ٥٢١ - ٢٩ - ٩٩٦٠

الطبعة الثامنة عشرة

1439 هـ - 2018 م

بسم الله الرحمن الرحيم

# Ang Panimula

Ang lahat ng pagpupuri ay kay Allah, ang nag-iisang tunay na Diyos. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob sa ating Propeta Muhammad, sa kanyang pamilya, at sa kanyang mga kasamahan.

Ang Tanggapan ng *Taw-iyah Al-Islamiyah* ay malugod na inilalahad para sa mga nagsasagawa ng Hajj ang maikling babasahing ito na naglalaman ng ilang mga alituntunin ng Hajj at Umrah. Aming sinimulan ito sa pamamagitan ng ilang mahahalagang paalaala para sa aming mga sarili at sa inyo, ayon sa kapahayagan ni Allah – ang Maluwalhati – tungkol sa Kanyang mga alipin na makakaligtas at magtatagumpay sa mundong ito at maging sa kabilang buhay.

﴿ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْرِ ﴾ [العصر : ٣]

*"At (sila na) nagpapayuhan sa isa't isa ng katotohanan, at nagpapayuhan sa isa't isa ng pagtitiis."* [Surah al-'Asr: 3]

At bilang pagsunod sa sinabi ni Allah - ang Dakila:

﴿ وَتَعَاوَنُوا۟ عَلَى ٱلْبِرِّ وَٱلتَّقْوَىٰ ۖ وَلَا تَعَاوَنُوا۟ عَلَى ٱلْإِثْمِ وَٱلْعُدْوَٰنِ ۚ ﴾ [المائدة: ٢]

*"At magtulungan sa isa't isa sa (paggawa ng) kabutihan at takot kay Allah, at huwag magtulungan sa isa't isa sa (paggawa ng) kasalanan at pagsuway."* [Surah Al-Maidah: 2]

Hinihiling namin sa inyo na basahin ang maikling aklat na ito bago magsimula ng mga rituwal ng Hajj upang maisagawa ang tungkuling ito at kayo ay mahirati kung ano ang mga dapat gawin. Tiyak na matatagpuan ninyo rito – Insha Allah - ang mga kasagutan para sa inyong mga katanungan.

Dumalangin tayo kay Allah na nawa'y tanggapin Niya mula sa lahat ng mga nagsasagawa ng Hajj ang kanilang mga pagsisikhay at mabubuting gawa.

*Wassalamu Alaikum Warahmatullahi Wabarakatuh.*

## Mga Mahahalagang Payo

O, mga nagsasagawa ng Hajj, purihin natin si Allah na Siyang nagpatnubay sa inyo na makapagsagawa ng Hajj sa Kanyang Banal na Tahanan. At hilingin natin sa Kanya na nawa'y tanggapin Niya ang ating mga mabubuting gawa at dagdagan ang gantimpalang para sa inyo at sa amin.

Ilalahad namin sa inyo itong mga paalaala sa pag-asang nawa'y tanggapin ni Allah ang ating Hajj at ang ating pagsisikhay.

1. Alalahanin ninyo na kayo ay nasa pinagpalang paglalakbay, batay sa pananampalataya sa Kaisahan ni Allah (*Tawheed*), ang katapatan sa Kanya, ang pagtalima sa Kanyang panawagan, ang pagsunod sa Kanya na umaasang makamit ang Kanyang gantimpala, at ang pagsunod sa Kanyang Sugo Muhammad (ﷺ). Sapagka't ang gantimpala ng Hajj na tinanggap ni Allah ay ang Hardin ng Paraiso.

2. Mag-ingat kayo sa panunulsol (o bulong) ni Satanas, sapagka't siya ay inyong kaaway na laging naka-abang sa inyo. Magmahalan kayo sa isa't isa alang-alang kay Allah, at iwasan ang pagtatalo at pagsuway kay Allah. Dapat na malaman na ang Sugo ni Allah (ﷺ) ay nagsabi:

(لاَ يُؤمِنُ أحَدُكُمْ حَتَّى يُحِبَّ لأَخِيهِ مَا يُحِبُّ لِنَفْسِهِ)

*"Hindi magiging ganap ang pananampalataya ng sinuman sa inyo, hangga't hindi niya mahalin ang kapatid niyang Muslim, gaya ng kanyang pagmamahal sa kanyang sarili."*

3. Itanong sa mga maalam ang mga katanungang tungkol sa Relihiyon, o sa Hajj upang kayo ay mahirati tungkol dito. Ayon sa sinabi ni Allah:

﴿ فَسْـَٔلُوٓاْ أَهْـلَ ٱلذِّكْـرِ إِن كُنتُمْ لَا تَعْـلَمُونَ ﴾ [النحل:٤٣]

*"Magtanong sa mga maalam kung hindi ninyo ito nalalaman."* [Surah an-Nahl: 43 ]

At ayon din sa sinabi ng Propeta (ﷺ):

( مَنْ يُرِدِ اللهُ بِهِ خَيْراً يُفَقِّهْهُ فِي الدِّين )

*"Kung nais ni Allah ang kabutihan sa isang tao ay ipagkakaloob Niya sa kanya ang pang-unawa (o kaalaman) ng relihiyon (Islam)."*

4. Dapat na malaman na si Allah ay nag-utos sa atin ng mga gawaing *Fardh* (obligado), at mga gawaing *Sunnah* (kusang loob). At hindi tinatanggap ni Allah ang gawaing Sunnah mula sa isang nagpawalang-bahala o nagpabaya ng gawaing Fardh. At kung minsan ay nakakalimutan ng ilan sa mga *Hajj* (Pilgrim) ang katotohanang ito, na sila ay nananakit sa mga kapwa nilang Muslim sa pamamagitan ng mararahas nilang pagtutulakan upang

mahalikan ang *Hajaral Aswad* (Batong Itim) o sa pagmamadali nila sa *Tawaf* (ang pag-ikot sa Ka'ba), o sa pagsasagawa nila ng *Salah* sa likod ng *Maqamu Ibrahim* (ang lugar na kung saan tumayo si Propeta Ibrahim sa harap ng Ka'ba) o sa pag-inom nila sa Tubig ng *Zamzam*. Ito ay mga Sunnah lamang, ngunit ang pananakit sa kapwa Muslim ay haram (ipinagbawal); kaya bakit natin isasagawa ang isang gawaing magdudulot ng haram para magsagawa lamang ng isang Sunnah? Samakatuwid, iwasan ang manakit sa isa't isa. Nawa'y kahabagan kayo ni Allah at pagkalooban ng dakilang gantimpala.

**Nais naming bigyang-liwanag ang mga sumusunod:**

**a.** Hindi kanais-nais sa isang lalaking Muslim na magsagawa ng kanyang Salah na katabi ang isang babae o sa likuran nito sa loob ng *Masjid al-Haram* (Ang Sagradong Masjid), o sa ibang lugar sa anu pamang dahilan, hangga't maaaring

iwasan ang ganito. Ang mga kababaihan ay nararapat na magsagawa ng kanilang Salah sa likuran ng mga kalalakihan.

**b.**Hindi kanais-nais na magsagawa ng Salah sa mga daraanan sa loob ng Majid al-Haram o sa mga pintuan o lagusan nito, sapagkat ito ay nakakapinsala at nakakasagabal sa daloy ng mga taong pumapasok sa loob ng Masjid.

**c.**Hindi pinahihintulutan na hadlangan ang mga taong nagsasagawa ng *Tawaf* (paglibot) sa *Ka'ba*, sa pamamagitan ng pag-upo o pagsasagawa ng Salah sa malapit na lugar sa Ka'ba o ang pagtayo sa *Hijr* o sa *Maqamu Ibrahim* kapag ang lugar ay punong-puno ng tao, sapagkat ito ay nakakapinsala at maaaring maging sanhi ng kapahamakan sa ibang tao.

**d.** Ang paghalik sa *Hajaral Aswad* "Batong itim" ay isang Sunnah lamang, ngunit ang pangangalaga sa dangal ng isang Muslim ay isang tungkulin *(Fardh)*. At huwag ipagwalang bahala o sayangin ang isang *Fardh* (tungkulin) para lamang isagawa

ang isang *Sunnah*. Kapag ang lugar ay matao, sapat na isenyas o itaas ang kamay sa dakong kinaroroonan ng *Hajaral Aswad* (Batong itim), at bigkasin ang: *'Allahu Akbar'*. At dapat mahinahon at marahan ang inyong paglabas mula sa pagsasagawa ng *Tawaf*.

**e.** Isang Sunnah' na kapag nakarating sa sulok ng '*Ruknul Yamani*' ay hawakan ito ng kanang kamay at bigkasin ang: *"Bismillahi Wallahu Akbar."* Datapwa't ang paghalik dito ay hindi ipinag-uutos. Kung ang isang nagsasagawa ng '*Tawaf*' ay walang kakayahang hawakan ito, dapat niyang ipagpatuloy ang pagsasagawa ng '*Tawaf*', at hindi niya dapat itaas o isenyas ang kanyang kamay sa dakong lugar nito o magsabi kaya *ng Allahu Akbar*, sapagkat hindi ito isinagawa ng Propeta Muhammad (ﷺ). Isang *Mustahab* (kanais-nais na dapat gawin) na bigkasin (bilang panalangin o pagsusumamo) sa pagitan ng *Ruknul Yamani* at *Hajaral Aswad* ang:

﴿ رَبَّنَـآ ءَاتِنَـا فِى ٱلدُّنْيَـا حَسَـنَةً وَفِى ٱلْـَٔاخِرَةِ حَسَـنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّـارِ ﴾ [البقرة:٢٠١]

"Rabbana atina fid dunya hasanatan, wa fil akhirati hasanatan, wa qina adhaban nar."

*"O, aming Panginoon, ipagkaloob Mo sa amin ang kabutihan sa mundong ito at ang kabutihan sa Kabilang buhay, at iligtas Mo po kami sa parusa ng Apoy."* [Surah al-Baqarah: 201]

**At sa huli, aming ipinapayo sa inyong lahat ang tapat na pagsunod sa Qu'ran at Sunnah. Ayon sa sinabi ni Allah:**

﴿ وَأَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَٱلرَّسُولَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿١٣٢﴾ ﴾ [آل عمران:١٣٢]

*"At sumunod kay Allah at sa Sugo (ni Allah) upang kayo ay kaawaan Niya."* [Surah Al-'Imran: 132]

## Ang Mga Bagay na Nakapagpapawalang-saysay ng pananampalataya "Iman".

Mga kapatid na Muslim, dapat ninyong malaman na mayroong mga bagay na nagpapawalang-bisa ng inyong pananampalataya sa Islam. Babanggitin namin ang sampung bagay na madalas nangyayari na dapat iwasan:

**Una:** Ang pagbibigay katambal kay Allah *(Shirk)*. Si Allah ay nagsabi:

﴿ إِنَّهُۥ مَن يُشْرِكْ بِٱللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِ ٱلْجَنَّةَ وَمَأْوَىٰهُ ٱلنَّارُ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴾ [المائدة:٧٢]

*"Katotohanan, sinuman ang mag-ugnay o magtambal sa pagsamba kay Allah, ipagkakait ni Allah sa kanya ang Paraiso, at ang kanyang hantungan ay ang Apoy*

*(Impiyerno), at walang makakatulong sa mga makasalanan."* [Surah Al-Maidah: 72]

Nabibilang dito ang pagdalangin sa mga patay, paghingi ng tulong, pagsasagawa ng panata sa kanila, at ang pagsasakripisyo ng hayop para sa kanila.

**Ikalawa:** Ang sinuman na magbigay ng mga tagapamagitan sa sarili at kay Allah, na dumadalangin sa kanila, humihingi ng kanilang pamamagitan para kay Allah at nagtitiwala sa kanila, siya ay nabibilang sa mga *Kafir* (taong walang pananampalataya).

**Ikatlo:** Sinumang hindi nagtuturing sa mga '*Mushrik*' bilang mga *Kafir* (walang pananampalataya) o mayroong alinlangan sa kanilang pagiging Kafir o di kaya isinasaalang-alang ang kanilang mga gawain bilang tama. Siya ay itinuturing bilang isang *Kafir*.

**Ikaapat:** Sinuman ang naniniwala na ang ibang patnubay ay ganap bukod pa sa patnubay ng Sugo ni Allah (ﷺ), o naniniwala na ang ibang batas bukod sa batas o hukom ng Propeta (ﷺ) ay higit na mabuti, katulad ng mga taong higit na nais ang pamamahala ng mga *Tagowt* kaysa sa pamamahala ng Propeta (ﷺ), (magkagayon), siya ay nagiging isang *Kafir*.

Batay sa ikaapat (na binanggit sa itaas), kabilang dito ang mga sumusunod:

**a.** Ang paniniwala na ang mga alituntunin at mga batas na ginawa lamang ng tao ay higit na mabuti o mahusay kaysa sa batas ng Islam (Islamic Shari'ah).

◆ di kaya naman (ang paniniwala na) ang batas ng Islam ay hindi angkop para ipatupad sa ngayong panahon ng ika dalawamput isang siglo (21st century).

◆ di kaya (ang paniniwala na) ang Islam ay siyang dahilan o sanhi ng kawalang kaunlaran ng mga Muslim.

◆ di kaya (ang paniniwala na) ang Islam ay nauukol lamang sa ugnayan ng tao at ng Kanyang Panginoon at walang kinalaman at kaugnayan sa anumang aspeto ng buhay.

**b.** Ang pananalita na ang pagpapatupad sa batas ni Allah tungkol sa mga kaparusahan sa kasalanan pangkrimen (Criminal Justice) tulad ng pagputol sa kamay ng magnanakaw, o pagbato sa nakikiapid na may asawa hangga't ito ay mamatay ay hindi angkop sa kasalukuyang panahon.

**c.** Ang paniniwala na pinahihintulutang gamitin ang batas na hindi ipinahayag ni Allah, sa mga ugnayang pinahihintulatan (lawful dealing), o kaya sa pagpapatupad ng mga parusa sa kasalanang pangkrimen at ibapa. Kahit na siya

ay hindi naniniwala na ang batas na ito ay nakahihigit sa Batas ng Islam (Sharia'h Islamiyah). Sapagka't siya sa ganitong paniniwala ay nakapagbigay pahintulot ng isang bagay na sinang-ayunan ng lahat na paham (iskolar) na Muslim na ipinagbawal ni Allah, at sinuman ang magpahintulot sa mga gawaing laganap na ipinagbawal ni Allah, tulad ng pakikiapid, pag-inom ng mga nakalalasing na inumin, pagpapatubo ng utang (usury [*Riba*]), at pagpapatupad ng batas na hindi batas ni Allah, siya ay nagiging Kafir (walang pananampalataya) ayon sa pinagtibay at sinang-ayunang kasunduan ng mga Muslim.

**Ikalima:** Sinuman na namumuhi at napopoot sa anumang bagay o kautusang dinala ng Sugo ni Allah ay itinuturing bilang isang *Kafir*, kahit pa ito ay kanyang isinagawa. Ayon sa sinabi ni Allah:

﴿ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأَحْبَطَ أَعْمَٰلَهُمْ ﴾ [محمد:٩]

*"Sapagka't kinamuhian nila ang anumang ipinahayag ni Allah (Qur'an) kaya't pinawalan Niya ng saysay ang kanilang mga gawa."* [Surah Muhammad: 9]

**Ikaanim:** Sinuman ang umalipusta o kumukutya kay Allah, o sa Kanyang Aklat, o sa Kanyang Sugo (ﷺ) o sa anumang bagay mula sa Relihiyon ni Allah, siya ay naging Kafir. Ayon sa sinabi ni Allah:

﴿ قُلْ أَبِٱللَّهِ وَءَايَٰتِهِۦ وَرَسُولِهِۦ كُنتُمْ تَسْتَهْزِءُونَ ﴿٦٥﴾ لَا تَعْتَذِرُوا۟ قَدْ كَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ ﴾ [التوبة: ٦٥-٦٦]

*"Sabihin: Si Allah ba at ang Kanyang mga Ayat (tanda) at ng Kanyang Sugo ang inyong inaalipusta. Huwag na kayong magdahilan! Tiyak na kayo ay nawalan ng pananampalataya pagkaraan na kayo ay manampalataya."* [At-Tawbah: 65-66]

**Ikapito:** Ang pagsasagawa ng Karunungang Itim (salamangka), na kinabibilangan ng paggawa ng kasamaan na ang pagmamahal ng lalaki sa kanyang asawa ay mauwi sa pagkamuhi, kabilang din dito ang panunukso sa isang tao upang magustuhan niya ang bagay na kanyang kinamumuhian sa pamamagitan ng makademonyong gawain. Sinuman ang gumawa nito o nasiyahan sa paggawa nito ay naging *Kafir*. Ayon sa sinabi ni Allah:

﴿ وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَآ إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ ﴾ [البقرة:١٠٢]

*"Ang dalawang Anghel (Harut at Marut), ay hindi nagturo kaninuman (ng karunungang itim) maliban sila ay nagbigay babala: Kami ay mga pagsubok, samakatuwid, huwag kayong mawalan ng pananampalataya."* [Al-Baqarah:102]

**Ikawalo:** Ang pagtataguyod at pagtulong sa mga *Mushrik* (ang mga nagtatambal kay Allah) laban sa mga Muslim. Si Allah ay nagsabi:

﴿ وَمَن يَتَوَلَّهُم مِّنكُمْ فَإِنَّهُۥ مِنْهُمْ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴾ [المائدة: ٥١]

*"Sinuman sa inyo ang nagtataguyod sa kanila (mga nagbibigay katambal kay Allah) ay kaisa (o kapanalig) nila. Katotohanan, hindi pinapatnubayan ni Allah ang mga taong di-makatarungan."* [Al-Ma'idah: 51]

**Ikasiyam:** Sinuman ang maniwala na ang ilan sa mga tao (mga Muslim) ay pinahihintulutang lumihis o tumalikod sa Islam ay nagiging *Kafir*, si Allah ay nagsabi:

﴿ وَمَن يَبْتَغِ غَيْرَ ٱلْإِسْلَٰمِ دِينًا فَلَن يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِى ٱلْءَاخِرَةِ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴾ [آل عمران: ٨٥]

*"Sinuman ang magsikhay (magnais) ng ibang relihiyon bukod sa Islam, hindi ito tatanggapin (ni Allah) sa kanya at sa Kabilang Buhay siya ay kabilang sa mga sawimpalad (talunan)."*
[Surah al-Imran: 85]

**Ikasampu:** Ang pagtalikod (at paglihis) sa relihiyon ni Allah, o kaya sa isang bagay na kinakailangan upang maging katanggaptanggap ang pananampalataya sa Islam at hindi niya sinikap na ito ay mapag-alaman niya at hindi rin isinasagawa, (siya ay nagkasala ng malaki). Si Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿ وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن ذُكِّرَ بِـَٔايَـٰتِ رَبِّهِۦ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَآ ۚ إِنَّا مِنَ ٱلْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ ﴾ [السجدة:٢٢]

*"Walang makahihigit ng pagkakasala sa sinumang pinaalalahanan ng mga kapahayagan ng kanyang Panginoon at pagkaraan ay tinalikdan niya ang mga ito?*

*Katotohanan, Aming pagbabayarin ang mga makasalanan."* [Surah As-Sajdah: 22]

At sinabi rin Niya:

﴿ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ عَمَّآ أُنذِرُوا۟ مُعْرِضُونَ ﴾ [الأحقاف:٣]

*"At ang mga Kafir (walang pananampalataya kay Allah) ay nagsisitalikod mula sa mga ipinagbigay-babala sa kanila."* [Surah Al-Ahqaf: 3]

Walang pagkakaiba kung ang mga bagay na nagpapawalang-saysay sa pananampalatayang Islam ay ginawa sa pamamagitan ng gawang pagbibiro o seryoso o dahil sa takot, maliban lamang kung ito ay ginawa sa ilalim ng pamimilit.

Tayo ay humingi ng pangangalaga kay Allah, laban sa mga gawain na magiging daan o sanhi ng Kanyang pagkapoot at matinding parusa.

## Paano isinasagawa ang Hajj, ang Umrah, at ang Pagdalaw sa Masjid ng Propeta Muhammad ( ﷺ )?

Mga minamahal naming Muslim.

Ang Hajj ay may tatlong pamamaraan:

1. *Hajj At-Tamattu*
2. *Hajj Al-Qiran*
3. *Hajj Al-Ifrad*

## Ang Hajj At-Tamattu

Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-ihram (pagpasok sa kalagayan ng Ihram) na ang *Niyyah* (layunin) ay magsagawa ng Umrah sa mga

panahon ng Hajj[1] (ito ay nagsisimula sa unang araw ng buwan ng Shawwal hanggang sa pagbubukang liwayway ng ikasampung araw ng buwan ng Dhul Hijjah) at pagkatapos niyang magsagawa ng Umrah, siya ay muling mag-iihram (papasok sa Ihram) sa ika walo ng Dhul Hijjah, na ang *Niyyah* (layunin) ay magsagawa ng Hajj. Dito siya sa Makkah o sa alinmang lugar na malapit dito. At ito ay sa taon ng kanyang pagsasagawa ng Umrah.

## Ang Hajj Al-Qiran

Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-ihram na ang layunin ay magsagawa ng Umrah at Hajj nang magkasabay sa mga buwan ng Hajj, at hindi

---

[1] Ang Hajj At-Tamattu ay pagsasagawa ng Umrah sa mga panahon ng Hajj. Pagkatapos niyang magampanan ang ritwal ng Umrah, siya ay lilisan sa kalagayang Ihram at muling babalik sa kalagayang Ihram sa pagsapit ng ika walong araw ng buwan ng Dhul Hijjah upang gampanan naman ang mga ritwal ng Hajj. (Karagdagang Paliwanag ng mga Tagasalin).

maaaring lumisan sa kalagayan ng Ihram hanggang sa pagsapit ng Araw ng pagkatay ng hayop (bilang handog kay Allah) sa ika sampung araw ng buwan ng Dhul Hijjah. O isa pang paraan nito ay ang pag-ihram para sa Umrah sa mga buwan ng Hajj at bago magsagawa ng Tawaf ng Umrah ay magkakaroon siya ng *Niyyah* (layunin) ng pag-ihram para sa Hajj.

## Ang Hajj Al-Ifrad

Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-ihram na ang *Niyyah* (layunin) ay magsagawa ng Hajj, sa mga buwan ng Hajj mula sa itinakdang himpilan ng Ihram (*Miqat*), o kaya mula sa kanyang tahanan kung ito ay hindi sakop ng *Miqat*, o kaya sa Makkah kung siya ay naninirahan dito, at mananatiling naka-Ihram hanggang sa Araw ng pagkatay ng hayop, kung siya ay may dalang hayop na pangsakripisyo (*Hadiy*).

Ngunit kung siya ay walang dalang hayop na pangsakripisyo (*Hadiy*) ay ipinagtagubilin sa kanya na baguhin ang kanyang *Niyyah* (layunin), sa halip na para sa Hajj, ito ay magiging para sa Umrah. Nang sa gayun, siya ay magsasagawa ng *Hajj At-Tamattu*, na dapat magsagawa ng Tawaf, Sa'ey ng Umrah (ang paglalakad sa pagitan ng Safa at Marwah), at magpaputol ng buhok at saka siya lumisan sa kalagayan ng Ihram, gaya ng tagubilin ng Propeta Muhmmad sa mga tao na nag-ihram para sa Hajj, na walang dalang hayop na pangsakripisyo (*Hadiy*). At gayundin, ang dapat gawin ng naka-ihram ng *Hajj Al-Qiran*, na kung hindi nakapagdala ng hayop na pangsakripisyo, ay ipinagtagubilin sa kanya na baguhin ang kanyang *Niyyah* (layunin), sa halip na para sa Hajj, ito ay magiging para sa Umrah, dahilan sa ating nabanggit sa itaas.

Ang pinakamainam na paraan ng pagsasagawa ng Hajj ay ang *Hajj At-Tamattu*, sa sinumang hindi nakapagdala ng havop na pangsakripisyo (*Hadiy*),

sapagkat ito ang ipinagtagubilin ng Propeta Muhammad sa kanyang mga kasamahan at binigyang-diin sa kanila.

## Ang Pagsasagawa ng Umrah

1. Pagdating mo sa Miqat, isang gawaing Sunnah ang maglinis ng sarili, maligo, at maglagay ng pabango sa katawan lamang at hindi sa kasuotang pang-ihram. Pagkatapos ay magsuot ng kasuotang pang-ihram na *Izar* at *Rida* (Balabal at Tapis) at mas mainam kung ang dalawang ito ay kulay puti. Para sa kababaihan, maaaring magsuot ng kahit anong damit na nais niya, kung ito ay hindi magiging sanhi ng pagkalantad ng kanyang kagandahan at hindi nahahawig sa pananamit ng mga kalalakihan at pananamit ng mga babaihang *Kafir* (walang pananampalataya). Pagkatapos nito ay magkakaroon siya ng *Niyyah* (layunin) na mag-ihram para sa Umrah at bigkasin ang:

*"Labbayka Umrah"*

(لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنِّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكُ لاَ شَرِيكَ لَكَ)

"Labbaykallahumma Labbayk. Labbayka La Shareeka laka Labbayk. Innal Hamda wanni-imata laka walmulk. La shareeka lak."

*"Narito ako, upang maglingkod sa Iyo (O, Allah) aking Panginoon, narito ako. Narito ako. Sa iyo ay walang katambal. Narito ako. Katotohanan ang lahat ng papuri at pagpapala ay para lamang sa Iyo (O, Allah ). At maging ang lahat ng Kapamahalaan. At sa Iyo ay walang katambal."*

Sa mga kalalakihan ay dapat malakas ang pagbigkas nito, ngunit sa mga kababaihan ay hindi dapat malakas. Pagkatapos mong mag-ihram, ay dapat mong bigkasin nang madalas ang *Talbiyah*, ang pagpupuri kay Allah, at ang paghingi ng tawad sa Kanya.

2. Pagdating sa Makkah, ikaw ay magsagawa ng pitong Tawaf sa Ka'aba, - ikaw ay magsisimula sa tapat ng *Hajaral Aswad* (Batong Itim) –, habang binibigkas ang

*Takbeer (Allahu Akbar)* at doon din natatapos ang isang yunit ng ikot. At habang nagsasagawa ng Tawaf, luwalhatiin si Allah, at manalangin sa Kanya ng anumang pagpupuri at pananalangin na inyong maibigan na pinahihintulutan sa Islam. Bilang Sunnah, binibigkas sa pagitan ng *Rukmul Yamani* (sulok ng Yamani) at *Hajaral Aswad* (Batong Itim) sa bawat pag-ikot ang:

﴿ رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِي ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي ٱلْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴾ [البقرة:٢٠١]

"Rabbana atina fid-Dunya hasanatan wa fil-Akhirati hasanatan wa qina azaban-Nar."

*"O, aming Panginoon, ipagkaloob Mo sa amin ang kabutihan sa mundong ito at kabutihan sa kabilangbuhay, at iligtas kami sa parusa ng Apoy."*

Pagkatapos ng *Tawaf* (pag-ikot), ikaw ay magsagawa ng dalawang rak'ah ng Salah sa likod ng *Maqamu Ibrahim*, kahit sa may kalayuan mula rito kung maaari. At kung hindi, ay kahit saang lugar sa *Masjid Al-Haram* (Sagradong Masjid).

Bilang Sunnah ng *Tawaf* para sa mga kalalakihan, na ilantad ang kanang balikat at takpan ang kaliwang balikat, sa pamamagitan ng paglagay ng gitnang bahagi ng *Rida* (balabal) sa ilalim ng kilikili, samantalang ang dalawang magkabilang dulo nito ay ipapatong sa kaliwang balikat (ito ang tinatawag na *Idhtiba* sa wikang Arabik). Gayundin, bilang Sunnah (para sa mga kalalakihan) ang pagsasagawa ng *Raml* (ang mabilis na paglalakad na may kasamang makikitid na hakbang) sa unang tatlong pag-ikot lamang.

3. Magtungo sa Safa at umakyat dito, at bigkasin ang Salita ni Allah:

﴿ إِنَّ ٱلصَّفَا وَٱلْمَرْوَةَ مِن شَعَآئِرِ ٱللَّهِ فَمَنْ حَجَّ ٱلْبَيْتَ أَوِ ٱعْتَمَرَ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِ أَن يَطَّوَّفَ بِهِمَا وَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَإِنَّ ٱللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيمٌ ﴾ [البقرة:١٥٨]

*"Katotohanan, ang Safa at Marwah ay kabilang sa mga Tanda ni Allah. Sinuman ang nagsasagawa ng Hajj sa Banal na Tahanan ni Allah o (nagsagawa) ng Umrah, ay walang kasalanan para sa kanya na magsagawa ng Sa'ey sa pagitan nito (Safa at Marwah). Sinuman ang gumawa ng kusang loob na mabuti, katotohanan, si Allah ay kumikilala ng utang na loob (sa mga gumagawa ng kabutihan), ang Maalam."* [Al-Baqarah: 158]

Pagka-akyat sa Safa, ikaw ay humarap sa dakong kinaroroonan ng Ka'aba, at magbigay

ng pagpupuri at luwalhati kay Allah (sa pamamagitan ng pagbigkas ng *Subhanallahi wal Hamdulillah wala ilaha illallahu wallahu Akbar*, at iba pang mga pagsusumamo) ng tatlong ulit. At habang itinataas ang dalawang kamay, manalangin kay Allah at gawing tatlong ulit ito bilang isang Sunnah. At bigkasin ang:

(لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير)

(لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ، أَنْجَزَ وَعْدَهُ، وَنَصَرَ عَبْدَهُ وَهَزَمَ الأَحْزَابَ وَحْدَه)

"La ilaha illallah, wahdahu la shareeka lah. Lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alaa kulli shay'in qadeer."

"La ilaha illallah wahdahu, anjaza wa'dah, wa nasara 'abdah, wa hazamal ahzaaba wahdah."

*"Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, ang Tanging Isa na walang katambal. Sa*

*Kanya ang kapamahalaan at ang Papuri, at Siya ay may Kapangyarihan sa lahat ng bagay."*

*"Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah (lamang), Kanyang tinutupad ang Pangako at (Kanyang) tinutulungan ang Kanyang Alipin, at talunin ang pangkat ng walang pananampalataya."*

Bigkasin ang panalanging ito nang tatlong ulit, ngunit walang masama kung ito ay bigkasin nang kulang sa tatlong ulit.

Bumaba mula sa Safa at magsagawa ng Sa'ey ng Umrah nang pitong ulit. Dapat bilisan ang paglalakad sa Sa'ey sa pagitan ng dalawang kulay na berdeng poste, ngunit maglakad ng karaniwang lakad bago at pagkalagpas ng mga nasabing poste. Umakyat sa Marwah at purihin si Allah at isagawa ang mga panalanging iyong isinagawa sa Safa.

Walang natatanging panalanging o pagsusumamo na itinakda para sa Tawaf at Sa'ey. Ngunit ang nagsasagawa ng Tawaf at Sa'ey ay maaaring magsagawa ng anumang kanyang makakayang pagpupuri kay Allah at panalangin, o kaya magbasa ng Qu'ran, habang binibigyan ng pansin ang mga papuri kay Allah at mga panalanging isinagawa ng Sugo ni Allah tungkol sa Tawaf at Sa'ey .

4. Pagkatapos mong maisagawa ang Sa'ey ay magpa-ahit o magpaikli ng buhok at dito nagtatapos ang iyong Umrah. Pagkatapos ng iyong Umrah ay pinahihintulutan sa iyo ang lahat ng ipinagbabawal nang ikaw ay nasa kalagayan ng *Ihram*. Kung ikaw ay nagsasagawa ng *Hajj At-Tamattu* ay higit na mainam para sa iyo ang magpaikli lamang ng buhok, upang (magkaroon ng pagkakataong) magpa-ahit ng

buhok sa paglisan sa kalagayan ng Ihram ng Hajj.

Kung ikaw ay nagsasagawa ng Hajj at-Tamattu o Hajj al-Qiran, ay tungkulin mong mag-aalay ng isang tupa (na kakatayin) sa Araw ng pag-aalay (ang ika-10 ng Dhul Hijjah), o isang kamelyo o isang baka na paghahatian ng pitong tao. Kung hindi mo kaya ito, ay dapat mag-ayuno ng sampung araw: Tatlong araw sa panahon ng Hajj at pitong araw pagbalik mo sa iyong bayan.

Higit na mabuti kung isasagawa mo ang pag-aayuno ng tatlong araw bago sumapit ang araw ng Arafah (ang ika-9 ng Dhul Hijjah). Ngunit, walang mali kung isasagawa mo ang pag-aayuno sa loob ng tatlong araw kasunod ng Araw ng Eid.

## Ang Pagsasagawa ng Hajj

1. Kung ikaw ay nagsagawa ng Hajj al-Ifrad o Hajj al-Qiran (pinagsamang Hajj at Umrah), ay dapat mag-ihram sa Miqat na inyong madadaanan.

Ngunit, kung ikaw ay naninirahan sa pook o lugar na nasa pagitan ng Miqat at Makkah, ay dapat mag-ihram sa iyong tahanan.

Kung ikaw ay nagsagawa ng Hajj at-Tamattu, ay dapat mag-ihram ng Umrah sa Miqat na iyong madadaanan, at mag-ihram muli ng Hajj sa inyong tinitirahan sa Makkah sa Araw ng *Tarwiyah*, ito ang ika-8 ng Dhul Hijjah. Dapat maligo, maglagay ng pabango sa sarili kung madali mong isagawa, at magsuot ng Ihram. Pagkatapos ay bigkasin ang, *Labbayka Hadjjan*:

(لَبَّيْكَ اللّٰهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الْحَمْدَ وَالنِّعْمَةَ لَكَ وَالْمُلْكُ لاَ شَرِيكَ لَكَ)

"Labbaykallahumma Labbayk. Labbayka La Shareeka laka Labbayk. Innal Hamda Wanni-imata laka walmulk. La shareeka lak."

*"Narito ako, upang maglingkod sa Iyo (O, Allah) aking Panginoon, narito ako.*

*Narito ako. Sa Iyo ay walang katambal. Narito ako.*

*Katotohanan, ang lahat ng papuri at pagpapala ay para lamang sa Iyo (O, Allah ).*

*At maging ang lahat ng Kapamahalaan. At sa Iyo ay walang katambal (sa pagsamba)."*

2. Pagkatapos nito ay magtungo sa Mina, at doon magsagawa ng Salah ng Dhuhr, Asr, Magrib, Isha at Fajr sa kani-kanilang oras, na ang mga Salah na binubuo ng apat na rak'at ay paiiksihin ng dalawang rak'at lamang, nang hindi pagsamahin.

3. Kapag sumikat ang araw sa ika-9 ng Dhul Hijjah, ay magtungo sa Arafah nang mahinahon at mapitagan. Dapat iwasan ang pananakit sa mga kapwa mong Hajji (Pilgrims), at isagawa mo doon ang Salah ng Dhuhr at Asr, sa paraang pinaiksi (tig dadalawang rak'at) at pinagsama sa oras ng Dhuhr, nang isang *Adhan*, ngunit dalawang *Iqamat*.

❖ Tiyakin na kayo ay nasa loob ng Arafah, at dagdagan dito ang pagpupuri kay Allah at pananalangin sa Kanya habang nakaharap sa Qiblah at itinataas ang mga kamay, bilang panggaya sa Sugo ni Allah. Ang kabuuang kapatagan ng Arafah ay pook na kung saan isasagawa ang pagtayo, at dapat manatili sa Arafah hanggang sa paglubog ng araw.

4. Kapag lumubog na ang araw, ay dapat magtungo sa Muzdalifah nang mahinahon at mapitagan habang binibigkas ang *Talbiyah*. At

iwasan ang pananakit sa mga kapatid mong Muslim. Pagdating mo sa *Muzdalifah*, ay magdasal ng *Maghrib* at *Esha* na pinagsama at paiksiin ang *Esha* ng dalawang *rak'at* lamang. Dapat din manatili sa *Muzdalifah* hanggang sa makapagdasal ng *Fajr*, at ang liwanag ng umaga ay maging ganap. Pagkatapos ng *Salah* ng *Fajr* ay dapat gawing madalas ang pananalangin kay Allah at pagpupuri sa Kanya na nakaharap kayo sa *Qiblah* at nakataas ang iyong mga kamay bilang panggaya sa Propeta Muhammad (ﷺ).

5. Pagkaraan nito ay magtungo sa Mina bago sumikat ang araw na madalas binibigkas ang *Talbiyah*. Kung ang *Hajji* (Pilgrim) ay kabilang sa mga taong may dahilan o nabigyan ng pahintulot katulad ng mga kababaihan at mga mahihina ang katawan, ay walang masama kung sila'y magtungo sa Mina sa anumang oras pagkaraan ng hatinggabi.

Pumulot ng pito lamang maliliit na bato sa *Muzdalifah* para ihagis sa *Jamarat al-Aqabah*. Ngunit ang ibang maliliit na bato ay doon na pupulutin sa Mina. Ag gayon din na walang masama kung ang pitong maliliit na bato na panghagis ng *Jamrat al-Aqabah* sa Araw ng *Eid* ay pupulutin din sa Mina.

6. Pagdating sa Mina, gawin ang mga sumusunod:

**a.** Maghagis ng pitong maliliit na bato sa *Jamrat al-Aqabah*, nang sunud-sunod habang binibigkas ang *Allahu Akbar* sa bawat pagbato o paghagis. Itong *Jamrat al-Aqabah* ang pinakamalapit na Jamrat sa Makkah.

**b.** Katayin mo ang hayop na iaalay mo (*Hadiy*) - kung ikaw ay kinakailangang mag-alay ng hayop - at kainin at ipamahagi sa mga dukha ang ibang bahagi nito.

c. Ahitin ang ulo o gupitin at paikliin ang buhok. Ngunit ang pag-ahit ang higit na mainam para sa mga kalalakihan, samantalang sa mga kababaihan naman ay putulin ang buhok ng may sukat na kasing haba ng dulo ng daliri.

❖ Ang ganitong pagkakasunod-sunod ay higit na mabuti, ngunit, kung ang ilan sa mga ito ay nagawa ng nauna kaysa sa iba, walang masama rito.

❖ Kapag natapos mo ang paghagis, at pag-ahit ng ulo o pagputol ng buhok, ikaw ay pinahihintulutan magsagawa ng unang *Tahallul* (ang unang pagpapawalang bisa sa kalagayan ng Ihram at pagbalik sa karaniwang (normal na) kalagayan), maliban lamang sa pakikipagtalik sa asawa.

7. Matapos (ang mga nabanggit sa itaas), ikaw ay magtungo sa Makkah at magsagawa ng *Tawaf al-Ifadha* (Ito ay isang mahalagang bahagi ng rituwal ng Hajj), at pagkatapos ay magsagawa ng Sa'ey kung ikaw ay nag-ihram ng *Hajj at-Tamattu*. Samantalang, kung ikaw ay nag-ihram ng *Hajj al-Qiran* o *Hajj al-Ifrad* at naisagawa mo ang Sa'ey noon kasunod ng *Tawaf al-Qudoom* ay hindi na kailangang magsagawa ng *Sa'ey* pagkatapos ng *Tawaf al-Ifadha*.

At sa gayon, lahat ng mga ipinagbabawal sa pag-ihram ay ipinahintulot na sa iyo, kabilang na ang pakikipagtalik sa asawa.

❖ Pinahihintulutang ipagpaliban ang *Tawaf al-Ifadah* at *Sa'ey* hanggang matapos ang mga araw ng pananatili sa 'Mina'.

8. Matapos ang *Tawaf al-Ifadah* at *Sa'ey* sa Araw ng Pag-alay (Araw ng Eid), ay magbalik

sa Mina at manatili doon tuwing gabi ng ika-11, 12 at 13 ng *Dhul Hijjah* (Ang tatlong araw na tinatawag na *Ayyamut Tashreeq*). At kung nais mong lumisan sa ika-12 ng *Dhul Hijjah*, ay walang masama.

9. Maghagis ng maliliit na bato sa tatlong Jamarat sa loob ng dalawang araw o tatlo na pananatili sa Mina, makalipas ang tanghaling-tapat sa bawat araw, dito magsimula sa unang *Jamrat* (ito ang pinakamalayo mula sa Makkah), isunod ang nasa gitna at matapos ay ang *Jamarat al-Aqabah*. Sa bawat Jamrat ay pitong maliliit na bato ang ihahagis nang paisa-isang magkakasunod at binibigkas ang *Allahu Akbar* sa bawat paghagis.

Pagkatapos ng pagbato sa una at sa ikalawang Jamrat, tumayo, humarap ng Qiblah, itaas ang mga kamay at manalangin kay Allah, nang ano mang nais mong hilingin. Ngunit, matapos

maghagis ng bato sa *Jamrat al-Aqabah* ay hindi na kailangang tumayo at manalangin dito.

❖ Kung nais mong manatili lamang ng dalawang araw sa Mina, nararapat na lumisan dito bago lumubog ang araw ng ikalawang araw. Kung ang araw ay lumubog na bago ka lumisan mula sa Mina, dapat na manatili dito para sa ikatlong gabi at maghagis ng bato sa ikatlong araw. Higit na mainam ang manatili sa Mina sa ikatlong gabi.

❖ Pinahihintulutan para sa mga may karamdaman at mahihina na ipaako ang pagbato (magpahalili sa iba upang ihagis ang mga bato) para sa kanya. Ang umako (kahalili) ay nararapat na maghagis muna ng bato para sa sarili at pagkatapos ay ihagis ang mga bato ng taong nagpa-ako sa kanya na siya ay nandoon pa rin sa isang Jamrat na kanyang binabato o pinupukol.

10. Kapag nagpasiyang lumisan patungo sa sariling bayan, pagkatapos maisagawa ang kabuuang rituwal ng Hajj, ay dapat magsagawa ng *Tawaf al-Wida* bago tuluyang lumisan mula sa Makkah. At walang isa man ang malaya dito maliban sa mga kababaihang may buwanang pagdurugo o regla at ang babaeng bagong panganak.

## Ang Mga Tungkulin Ng Naka-ihram

Nararapat sa nag-ihram para sa Hajj at Umrah ang mga sumusunod:

1. Ang tapat na pagsunod sa lahat ng mga tungkuling pangrelihiyon na ipinag-utos ni Allah sa kanya, tulad ng pagsasagawa ng Salah nang sama-sama sa mga itinakdang oras nito.

2. Ang pag-iwas sa anumang ipinagbabawal ni Allah, tulad ng pagsasalita ng malalaswa, paggawa ng mga kasamaan at pakikipagtalo.

3. Iwasan ang pananakit sa kapwa Muslim maging sa salita o gawa.

4. Ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal sa naka-ihram, tulad ng mga sumusunod:

**a.** Huwag magbunot ng buhok o magputul ng mga kuko, ngunit kung mayroon mang nalaglag sa mga ito nang hindi sinadya ay walang masama.

**b.** Huwag gumamit ng pabango maging sa damit o sa katawan o sa sangkap ng pagkain at pag-inum. At walang masama sa nananatiling amoy ng pabango na inilagay bago isuot ang Ihram.

**c.** Huwag pumatay, manakot o tumulong sa anumang uri ng pangangaso habang nasa kalagayan ng Ihram.

**d.** Hindi maaaring mag-alok ng kasal sa isang babae, o magtakda ng anumang kasunduan tungkol sa pag-aasawa, maging sa kanyang sarili o sa ibang tao. Gayundin, ang pakikipagtalik at lambingan (yakapan at halikan) na may pagnanasa ay lubhang ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng *Ihram*. Ang lahat na ito ay ipinagbabawal sa mga kalalakihan at kababaihan.

❖ **Ang mga sumusunod na kautusan ay para sa mga kalalakihan lamang:**

**a.** Hindi niya dapat takpan ang kanyang ulo. Gayon pa man, ang paggamit ng payong,

ang pagsilong sa sasakyan o ang pagdala ng anumang bagay na nakalagay sa kanyang ulo ay pinahihintulutan.

**b.** Hindi dapat magsuot ng kamiseta o anumang damit na nakatakip ng buong katawan o ilang bahagi lamang ng katawan, at hindi rin dapat gumamit ng damit na may talukbong (hooded), turban, *khuff* (maikli at manipis na bota). Gayon pa man, kung walang makitang *'Izaar'* (ang telang ginagamit sa pag-iihram), ay pinahihintulutang magsuot ng pantalon, at kung walang makitang tsinelas, pinahihintuluang gumamit ng *khuf* "bota".

❖ Ipinagbabawal sa mga kababaihan sa panahon ng Ihram ang magsuot ng guwantes sa kanyang mga kamay o takpan ang mukha ng *Niqab* o tapis (*Burqu*). Ganoon pa man, kung siya ay nasa harapan ng mga kalalakihan na hindi niya Mahram (ang lalaking maaari niyang mapangasawa) ay dapat

niyang takpan ang mukha sa pamamagitan ng kanyang *Hijab* (ang takip sa ulo) o anumang bagay na katulad nito. Gayon din ang dapat niyang gawin sa karaniwang panahon na wala siya sa kalagayang *Ihram.*

❖ Kung ang isang *Muhrim* (ang taong nasa kalagayang Ihram) ay nakalimot o hindi niya alam na ito ay bawal at siya ay nagsuot ng tinahing damit o tinakpan niya ang kanyang ulo o gumamit ng pabango o nagbunot ng buhok o nagputol ng kuko, siya ay walang *'Fidya'* (pagbabayad). Kailangang daglian niyang alisin o talikdan ang mga bagay na ito, kapag naalala niya o napag-alam na ito ay ipinagbabawal.

❖ Pinahihintulotang magsuot ng sandalyas (tsinelas) o singsing o salamin sa mata o gamit pandinig (hearing aid) o relo, sinturon upang pangalagaan ang sariling gamit tulad ng salapi o mahahalagang papeles.

❖ Pinahihintulotan din na magpalit ng damit at labahan ito, maghugas ng buhok at katawan, at walang masama kung ang ilang buhok ay malugas na hindi sinadya habang hinuhugasan, gayun din walang masama kung nangyaring may sugat sa kanyang katawan.

## Ang Pagdalaw Sa Masjid Ng Propeta (ﷺ) Sa Madinah

1. Ang pagtungo sa Madinah sa anumang oras na may layuning dumalaw sa Masjid ng Propeta at magsagawa dito ng Salah ay isinasaalang-alang bilang *Sunnah*. Sapagkat ang pagsasagawa ng Salah sa Masjid ng Propeta ay higit ng mabuti kaysa sa isang libong Salah sa alin mang Masjid maliban sa *Masjid Al-Haram* sa Makkah.

2. Walang kinakailangang Ihram o *Talbiyah* para sa pagdalaw sa Masjid ng Propeta. At wala rin itong kaugnayan sa pagsasagawa ng Hajj.

3. Pagdating mo sa Masjid ng Propeta, ang pagpasok dito ay una muna ang kanang paa, at bigkasin ang: *Bismillah* at manalangin kay Allah na naway pagpalain Niya ang Propeta Muhammad at buksan ang pintuan ng Kanyang Awa para sa iyo. At pagkaraan ay manalangin ng:

(بِسْمِ اللهِ، وَالصَّلاةُ وَالسَّلامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ، أَعُوذُ بِاللهِ العَظِيمِ وَوَجْهِهِ الكَرِيمِ وَسُلْطَانِهِ القَدِيمِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ، اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ)

"Bismillah, wassalatu wassalam ala Rasulillah, a'udhu billahil adheem wa wajhihil kareem wa sultanihil qadeem minas shaitanir rajeem. Allahumma iftah lee abwaaba rahmatik."

*"O, Allah, ako ay humihingi ng pangangalaga sa Iyo, ang Makapangyarihan at ang mayroong Marangal na Mukha, at Walang Hanggang Kapangyarihan laban sa isinumpang Satanas. O, Allah, buksan Mo ang pinto ng Iyong Awa para sa akin."*

Ito rin ay ipinagtagubiling gawin sa pagpasok sa lahat ng Masjid.

4. Pagkatapos mong pumasok sa Masjid ay magsagawa agad ng dalawang rak'at na Salah bilang *Tahiyyatul Masjid* (Paggalang sa Masjid). Higit na kaaya-aya at mabuti kung ito

ay maisagawa sa tabi ng *Rawdah*, at kung hindi, kahit saang lugar sa loob ng Masjid ng Propeta (ﷺ).

5. Pagkatapos ng Salah, magtungo sa libingan ng Propeta (ﷺ) at tumayo sa harap nito ng may diwa ng paggalang at pagmamahal, at magsabi nang marahan at malumanay na tinig ng:

(السَّلاَمُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللهِ وَبَرَكَاتُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ وَسَلِّمْ وَبَارِكْ عَلَى سَيِّدِنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَسَلِّمْ)

"Assalamu alaika, 'ayyuhan Nabi, wa rahmatullahi wa barakatuhu. Allahumma salli wa sallim, wa barik 'ala sayidina Muhammad, wa 'ala alihi wa sahbihi wa sallim."

At pagkaraan nito, ay magsagawa ng panalangin kay Allah na nawa'y pagpalain Niya ang Propeta Muhammad at ipagkaloob sa kanya ang kapayapaan.

Maaari ring idagdag ang '*Dua*' na ito kung iyong naisin:

(اللّهُمَّ آته الوَسيلَةَ وَالفَضيلَةَ وابْعَثْهُ المَقامَ المَحْمَودَ الذي وَعَدْتَهُ، اللّهُمَّ اجْزِهِ عَنْ أُمَّتِهِ أَفْضَلَ الجَزَاءِ)

"Allahumma atihil waseelata wal fadeelata wab 'athhul maqaamal mahmud alladhee wa 'adtahu. Allahumma 'ijzihi 'an ummatihi afdalal jaza."

*"O, Allah! ipagkaloob Mo sa kanya ang isang pamamagitan at ang kagandahang loob, at itaas siya sa pinakapupuring antas na Iyong ipinangako sa kanya."*

*"O, Allah! Bigyan Mo siya ng gantimpala para sa kanyang Ummah (tagasunod) na pinakamabuting gantimpala."*

❖ At pagkatapos ay lumakad sa gawing kanan sa harap ng libingan ni Abu Bakr. Batiin siya at manalangin na nawa'y

ipagkaloob sa kanya ang Awa, Kapatawaran at Lugod ni Allah.

❖ At pagkatapos ay muling umusog sa kaunting pakanan sa harap ng libingan ni Omar. Batiin siya at manalangin na nawa'y ipagkaloob sa kanya ang Awa, Kapatawaran at Lugod ni Allah.

6. Isang Sunnah ang pagdalaw sa *Masjid Quba* habang naka-Wudhu at magsagawa rito ng Salah, sapagkat ang Propeta ni Allah (ﷺ) ay nagsagawa ng Salah rito at pinagpayuhan ang iba na gawin ito.

7. Isang Sunnah ang pagdalaw sa libingan sa *Baqi* na kung saan ang puntod ni Uthman at ang mga martir ng 'Uhod' ay naroroon. Kabilang na rin ang puntod ni Hamzah. Batiin sila at idalangin sila, sapagkat ang Sugo ni

Allah (ﷺ) ay madalas dumalaw sa libingan nila at idinadalangin sila. At tinuruan ang kanyang mga kasamahan na kung sila'y dumalaw sa mga libingan ay magsabi ng:

(السَّلامُ عَلَيكُمْ أَهْلَ الدِّيَارِ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ والْمُسْلمِينَ، وَإِنَّا إِنْ شَاءَ اللهُ بِكُمْ لاَحِقُونَ نَسْأَلُ اللهَ لَنَا وَلَكُمُ العَافيَةَ)

"Assalamu aalaikum ahlal diyaar minal mu'mineen wal Muslimeen, wa inna in sha Allah bikum laahiqoon. Nas alullaha lana wa lakum al 'afiyah."

*"Ang kapayapaan ay sumainyong lahat, O, mga naninirahan sa pook na ito na mga nananampalataya at mga Muslim. At sa kapahintulutan ni Allah, katiyakan kami ay inyong makakasama. Hinihiling namin kay Allah ang Afiyah (kaligtasan mula sa Apoy ng Impiyerno at mula sa mga pasakit) para sa aming sarili at para sa inyo."*

❖ At wala ng iba pang mga Masjid o mga pook na dapat dalawin sa Madinah maliban na

lamang sa mga Masjid at mga pook na binanggit sa itaas. Samakatuwid, huwag pahirapan ang sarili sa pagpunta sa mga ibang pook na wala namang nakalaang gantimpala para sa iyo, bagkus maaari pang magdulot ng pagkakasala para sa iyo.

Si Allah ang nagkakaloob ng Patnubay.

## Mga Pagkakamali Ng ilang Hajji 'Pilgrim'

***Una:*** **Pagkakamali Kaugnay ng Ihram**

- Ang paglagpas ng *Hajji* 'Pilgrim' sa *Miqat* (ang itinakdang himpilan ng *Ihram* na kanyang pinagdaanan na siya'y hindi nag-ihram (pumasok sa kalagayang Ihram) dito, hanggang siya'y makarating ng Jeddah o ibang lugar na lagpas ng 'Miqat' at saka pa lamang mag-Ihram. Ito ay taliwas sa kautusan ng Sugo ni Allah (ﷺ) na bawat Hajj 'Pilgrim' ay kailangang mag-Ihram sa *Miqat* na kanyang madadaanan.

- Ang sinumang lumagpas sa '*Miqat*' na hindi nag-ihram ay nararapat na bumalik dito at mag-ihram kung maaari. Ngunit kung hindi ay kailangan siyang mag-alay ng isang tupa na kakatayin niya sa Makkah at ipakakain sa mga dukha (mahihirap). Ito ay nauukol sa lahat ng Hajji 'Pilgrim' na dumarating sa

pamamagitan ng sasakyang panghimpapawid o sasakyang panlupa o sasakyang pandagat.

- Kung wala siyang madadaanan sa limang Miqat na kilalang-kilala ay dapat siyang mag-ihram kapag nasa tapat siya ng unang Miqat na kanyang madadaanan.

***Ikalawa:*** **Pagkakamali Kaugnay ng 'Tawaf'**

1. Ang pagsasagawa ng 'Tawaf' na doon nagsisimula sa unahan ng batong itim. Samantala ang pagsasagawa ng Tawaf ay dapat simulan sa tapat ng batong itim.

2. Ang pagsasagawa ng 'Tawaf' sa loob ng 'Hijr' ng Ka'ba, dahil ang Hijr ay maikling bahagi lamang ng Ka'ba. Samakatuwid, siya ay hindi nakapagsagawa ng Tawaf sa kabuuan ng Ka'ba kundi sa maikling bahagi lamang ng Ka'aba. Kaya ang ginawa niyang pag-ikot sa

loob ng Hijr ay hindi tinatanggap (walang kabuluhan).

3. Ang paglalakad ng mabilis at maliliit na hakbang (*ar-Raml*) sa pitong ulit na pag-ikot sa Tawaf. Samantalang ang *ar-Raml'* ay ginagawa lamang sa unang tatlong pag-ikot ng '*Tawaf al-Qudoom*.

4. Ang karahasan sa pagtatangkang humalik sa Batong Itim na kung minsan ay nakapananakit o nakapang-aabuso ng kapwa Hajji (pilgrim). Ang mga ganitong gawa ay hindi pinahihintulutan, dahil nakapagbibigay pinsala sa mga Muslim. Hindi pinahihintulutan na manakit o mang-abuso sa kapwa Muslim na walang sapat na dahilan.

❖ Ang 'Tawaf' ay mananatiling ganap at may bisa na kahit walang paghalik sa Batong Itim. Sapat na ituro lamang ito ng kanang kamay at

magsabi *ng Allahu Akbar*, kapag napadaan sa direksiyong tuwid dito at kahit na ito ay may kalayuan.

5. Ang paghipo o paghawak sa Batong Itim na naglalayong magkaroon ng pagpapala mula rito. Ito ay isang *Bid'ah*' na walang batayan sa Islam. Ang Sunnah lamang ay ang hawakan ito bilang isang tanda ng pagsunod kay Allah.

6. Ang hawakan ang apat na sulok ng Ka'ba o ang lahat ng mga dingding nito at ipahid sa mukha. Ang Sugo ni Allah (ﷺ) ay hindi hinawakan ang anumang bahagi ng Ka'aba maliban lamang ang Batong itim at ang Ruknol Yamani.

7. Ang pagbigkas ng mga partikular na Du'a (dalangin) sa bawat pag-ikot. Samantalang ang Sugo ni Allah (ﷺ) ay hindi gumawa ng partikular na *Du'a* (dalangin) maliban lamang

sa pagbigkas niya ng: *Allahu Akbar* kapag nadaanan niya sa bawat pag-ikot ang Batong itim. At sa pagitan ng *Ruknol Yamani* at Batong itim ay kanyang binibigkas ang:

﴿ رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴾ [البقرة: ٢٠١]

"Rabbana atina fid-Dunya hasanatan wa fil-Akhirati hasanatan wa qina azaban-Nar."

*"O, aming Panginoon, ipagkaloob Mo sa amin ang kabutihan sa mundong ito at kabutihan sa kabilangbuhay, at iligtas kami sa parusa ng Apoy."*

8. Ang pagtaas ng tinig ng higit sa ibang tinig, na ginagawa ng ibang tao habang nagsasagawa ng 'Tawaf', ito ay nagbibigay ng pagkalito sa mga nagsasagawa ng Tawaf.

9. Ang marahas na pagtatangka na magsagawa ng Salah (pagdarasal) sa *Maqamu Ibrahim* (Himpilan ng Propeta Ibrahim). Ito ay taliwas sa Sunnah at nakakapinsala sa ibang nagsasagawa ng Tawaf. Sapat na magsagawa ng dalawang rak'at na Salah pagkaraang matapos ang '*Tawaf*' sa alinmang lugar na sakop ng Banal na *Masjid Al-Haram.*

***Ikatlo:* Pagkakamali Kaugnay ng Sa'ey.**

1. Sa pag-akyat sa *Safa'* at *Marwah*, ang ilan sa mga Hajji 'Pilgrim' ay humaharap sa Ka'aba at nagsesenyas rito ng kanilang mga kamay habang nagsasabing: '*Allahu Akbar*' na tila sila ay nagsasagawa ng Takbir para sa Salah. Ang Sunnah ay ang pagtaas ng dalawang palad katulad ng ginagawa sa pagsasagawa ng Du'a.

2. Ang paglalakad ng matulin sa buong pagsasagawa ng Sa'ey sa pagitan ng Safa at

Marwa. Samantalang ang Sunnah ay ang paglalakad ng mabilis sa pagitan ng dalawang berdeng poste at maglakad ng karaniwan para sa nalalabing distansiya.

## *Ika-apat:* Pagkakamali Kaugnay ng 'Arafah

1. Ang pagtungo ng ilang mga Hajji 'Pilgrim' sa labas ng hangganan (boundaries) ng 'Arafah' at mananatili roon hanggang sa paglubog ng araw at pagkaraan ay tutungo para sa 'Muzdalifah' na hindi man tumayo ng kahit sandali lamang sa loob ng 'Arafah'. Ito ay malaking pagkakamali na magiging sanhi ng kawalang-saysay ang kanilang Hajj. Sapagkat, ang Ukof (pagtayo) sa 'Arafah' ay siyang diwa ng Hajj. Kaya obligado sa kanila na tumayo sa loob ng hangganan ng 'Arafah' at hindi sa labas. Kung hindi madali sa kanila na gawin ito, sila ay dapat pumasok sa Arafah bago lumubog ang araw at manatili doon hanggang

sa paglubog ng araw. At pinahihintulutan din na pumasok sila sa 'Arafah' sa gabi ng ika-sampu ng Dhul Hijjah, ito ang Araw ng Pag-aalay.

2. Ang paglisan ng ilang Hajji 'Pilgrim' mula sa 'Arafah' bago lumubog ang araw ay hindi pinahihintulutan, sapagkat ang Sugo ni Allah (ﷺ) ay namalagi sa 'Arafah' hanggang ang araw ay ganap na lumubog.

3. Ang marahas na pagtatangka umakyat sa Bundok ng 'Arafah' ay hindi pinahihintulutan, sapagkat ito ay nagbibigay daan ng maraming pinsala at pasakit sa ibang tao. Ang buong kapatagan ng 'Arafah' ay pook na dito isinasagawa ang Ukof (ang pagtayo na siyang pinaka-mahalagang ritwal ng Hajj), at ang pag-akyat sa bundok 'Arafah' o pagsasagawa ng Salah doon ay hindi iminumungkahi.

4. Ang pagsasagawa ng ilan sa kanila ng 'Du'a na nakaharap sa Bundok ng 'Arafah' ay isang kamalian, sapagkat ang Sunnah ay ang pagharap sa 'Qiblah' habang nagsasagawa ng Du'a (panalangin).

5. Ang pamumulot ng mga bato sa Araw ng 'Arafah' mula sa partikular na lugar dito ay walang batayan sa Relihiyon ni Allah.

***Ikalima:* Pagkakamali Kaugnay ng 'Muzdalifah'**

- Ang ilan sa mga 'Hajji' 'Pilgrim' ay nagsisimulang mamulot ng mga bato sa oras ng pagdating nila sa 'Muzdalifah' bago sila magsagawa ng Salah ng 'Maghrib' at 'Isha'. At sila'y naniniwala na ang mga bato na ihahagis o ipupukol sa mga Jamarat ay dapat nagmula sa 'Muzdalifah'.

❖ Ang tamang opinyon tungkol dito ay ang mga bato ay maaaring pulutin saan mang pook na sakop ng 'Al-Haram' (Banal na Himpilan ng Makkah). Ang Sugo ni Allah (ﷺ) ay hindi nag-utos na ipulot siya ng mga bato na ihahagis niya sa 'Jamarat al-Aqabah' mula sa Muzdalifah. Ngunit, sa umaga pagkaraan ng kanyang paglisan mula sa 'Muzdalifah' at pagpasok niya sa 'Mina' doon siya ipinulot ng mga bato na inihagis niya sa Jamratul Aqaba, at gayun din, ang ibang mga bato ay doon nila pinulot mismo sa 'Mina.

❖ Ang ilan sa kanila ay hinuhugasan ng tubig ang mga bato, ngunit ito ay hindi ipinagtagubilin.

***Ika-anim:*** **Pagkakamali Kaugnay ng Paghagis ng Bato.**

1. Ang pag-aakala ng ilang mga Hajji 'Pilgrim' na ang paghahagis nila ng mga bato sa mga Jamarat, sila ay pumupukol ng mga Satanas (demonyo) doon. Kaya inihahagis nila ito sa mga Jamarat nang buong lakas at pagkapoot. Samantala, ang paghagis ng mga bato sa mga Jamarat ay ipinag-uutos upang isakatuparan ang isang pagsamba kay Allah.

2. Ang ilang Hajji 'Pilgrim' ay naghahagis ng naglalakihang mga bato, sapatos o mga putol ng kahoy. Ito ay isang kalabisan sa larangan ng relihiyon na ipinagbawal ng Sugo ni Allah (ﷺ) at hindi tinatanggap para sa paghahagis bilang ritwal ng Hajj. Ngunit, ang ipinagtagubilin ay ang paghagis ng maliliit na bato na kasing laki ng buto ng patani o sitaw.

3. Ang pagtutulakan at pakikipag-away sa kapwa sa lugar ng mga 'Jamarat' upang maghagis lamang ng bato. Samantalang, ang ipinagtagubilin ay ang pagiging mahinahon at marahang paghagis ng mga bato, na walang pananakit ng sinuman hanggang maaariing maiwasan.

4. Ang paghagis ng lahat ng bato sa minsanang paghagis lamang. Ang mga iskolar na Muslim ay nagsabi na ang ganitong paghagis ay isinasaalang-alang bilang isang kabilangan lamang.

Ang ipinagtagubilin ay ang paghagis ng mga bato nang paisa-isa, habang binibigkas ang: '*Allahu Akbar*' sa bawat paghagis.

5. Ang pag-utos sa ibang tao bilang kahalili upang ihagis ang mga bato para sa kanya, samantalang may kakayahang gawin ito para sa sarili, ang dahilan lamang ay ang pangamba

sa kapal ng tao o ang pangamba sa kahirapan. Ngunit, ang pag-uutos ng kahalili sa paghagis ng bato ay hindi pinahihintulutan, maliban lamang sa mga walang kakayahang gawin ito para sa sarili, dahil sa karamdaman o ibang dahilan na katulad nito.

***Ika-pito:* Pagkakamali Kaugnay ng Tawaf al-Wida (Pag-ikot sa Ka'ba bilang Pamamaalam).**

1. Ang paglisan ng ilang Hajji buhat sa Mina patungong Makkah upang magsagawa ng 'Tawaf al-Wida' bago matapos ang paghagis ng bato sa mga Jamarat, at pagkaraan sila ay bumabalik sa Mina upang maghagis ng bato. Pagkatapos gawin ito, sila ay lumilisan patungo ng kani-kanilang bayan. Kaya, ang huling rituwal ng Hajj na kanilang naisagawa ay ang paghagis ng bato sa mga Jamarat at hindi ang Tawaf al-Wida sa Ka'ba. Ang Sugo ni Allah (ﷺ) ay nagsabi:

(لاَ يَنْفِرَنَّ أَحَدٌ حَتَّى يَكُونَ آخِرَ عَهْدِهِ بِالْبَيْتِ)

*"Walang sinuman ang dapat lumisan maliban na lamang ang Tawaf al-Wida sa Ka'ba ang kanyang magiging huling ritwal."*

❖ Ang Tawaf al-Wida ay dapat isagawa pagkaraang gampanan ang lahat ng rituwal ng Hajj at bago maglakbay patungo sa kanilang bayan, at hindi na dapat manatili sa Makkah pagkatapos nito maliban lamang sa ilang sandali.

2. Ang paglabas nila sa Masjid al-Haram pagkaraan ng Tawaf al-Wida, na sila ay naglalakad na patalikod at nakaharap sa Ka'aba, na ang kanilang pag-aakala ay iginagalang nila ang Ka'ba sa ganitong gawain. Ito ay isang uri ng Bid'ah na walang batayan sa Islam.

3. Pagkaraang isagawa ang 'Tawaf Al-Wida', ang ilang Hajji 'Pilgrim' ay humihinto sa may pintuan ng Masjid Al-Haram at lumilingon sa Ka'ba upang manalangin na para bang nagpapaalam sa Ka'ba. Ito ay isa ring Bid'ah na walang batayan sa Islam.

***Ika-walo:*** **Pagkakamali Kaugnay ng pagdalaw sa Masjid ng Propeta ni Allah (ﷺ):**

1. Ang pagdampi ng mga kamay sa mga dingding at mga bakal, o ang pagtali ng mga sinulid at iba pang gawaing katulad nito, habang dumadalaw sa libingan ng Propeta ni Allah (ﷺ) na may layuning makatanggap ng anumang pagpapala mula dito ay mga gawang 'Bid'ah. Ang pagpapala ay nagmumula sa pagsunod sa kautusan ni Allah at ng Kanyang Sugo (ﷺ) hindi sa paggawa ng Bid'ah.

2. Ang pagtungo sa mga Yungib ng Bundok Uhod, gayun din ang *Gar Hira* (Yungib ng Hira) at *Gar Thaur* (Yungib ng Thaur) sa Makkah, ang pagsabit ng ilang pirasong tela, pagsasagawa ng panalangin dito na hindi kailan man ipinag-utos ni Allah at ang pagpapakasakit ng ganito. Ang lahat ng ito ay isinasaalang-alang bilang mga Bid'ah na walang batayan sa Islam.

3. Ang pagdalaw sa ilang pook na inaakalang may kaugnayan sa mga labing naiwanan ng Sugo ni Allah (ﷺ), katulad ng lugar na kung saan lumuhod ang kamelyo ng Propeta ni Allah (ﷺ), at ang (tinatawag na) *Bi'rul Khatim* (Balon ng singsing) o ang Balon ni Uthman at ang pagkuha ng ilang dakot ng lupa sa mga lugar na ito upang makatanggap ng pagpapala.

4. Ang pagtawag (pagdalangin) sa mga patay habang dinadalaw ang Libingan ng *Baqi* o sa

mga puntod ng mga martir ng Uhod at ang paghagis ng mga barya dito upang mapalapit o makatanggap ng pagpapala mula sa mga nakalibing dito. Ito ay isang malaking pagkakamali, datapwat, ito ay isang uri ng malaking *Shirk* (pagbibigay katambal kay Allah), gaya ng pagkabanggit ng mga iskolar na Muslim at malinaw na pinatunayan ng mga talata ng *Qur'an* at *Hadith* ng Sugo ni Allah (ﷺ). Sapagkat ang lahat ng uri ng pagsamba ay para lamang kay Allah at ang ilan dito ay hindi pinahihintulutan na ialay sa iba bukod pa kay Allah, tulad ng *Du'a* (panalangin), pagkatay ng hayop at pagbibigay panata o sumpa at iba pang mga katulad nito. Ayon sa Salita ni Allah:

﴿ وَمَآ أُمِرُوٓا۟ إِلَّا لِيَعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ ﴾ [البينة:٥]

*"At walang ipinag-utos sa kanila maliban na sila ay sumamba lamang kay Allah nang buong tapat. At magsagawa ng Salah (pagdarasal) at magbigay ng Zakat*

*at ito ang tamang pananampalataya."* [Al-Bayinah: 5]

At ang Salita ni Allah:

﴿ وَأَنَّ ٱلْمَسَٰجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا۟ مَعَ ٱللَّهِ أَحَدًا ﴾ [الجن:١٨]

*"Katotohanan, ang mga Masjid (pook ng pagsamba) ay para lamang kay Allah, kaya huwag dumalangin kaninuman bukod pa kay Allah ."* [Surah al-Jin: 18]

Tayo ay dumalangin kay Allah, na nawa'y paunlarin Niya ang kalagayan ng mga Muslim at ipagkaloob Niya sa kanila ang ganap na pang-unawa sa relihiyong Islam at ilayo tayong lahat sa pagkaligaw mula sa tamang Landas sanhi ng mga pagsubok. Tunay! Na Siya ang Nakaririnig, ang Dumidinig ng mga Panalangin.

## Mga Maiikling Tagubilin Para sa Mga Nagsasagawa Ng Hajj, Umrah at Pagdalaw sa Masjid Ng Sugo Ni Allah (ﷺ).

1. Ang tapat na pagsisisi ng lahat ng kanyang kasalanan at magbalik loob kay Allah, at pumili ng *Halal* (pinahihintulatan sa Islam) na ari-arian upang gugulin para sa kanyang Hajj at Umrah.

2. Dapat niyang pangalagaan at pigilan ang kanyang dila sa mga kasinungalingan, paninirang puri, panlilibak sa kapwa at panunuya.

3. Ang gawing malinis ang kanyang layunin sa pagsasagawa ng Hajj o 'Umrah' para lamang sa kasiyahan ni Allah, upang makamtan ang tagumpay sa kabilang buhay at hindi pakitang-

tao o kaya ay hindi para mapag-usapan lamang ng mga tao at hindi pagmamataas.

4. Dapat niyang pag-aralan ang mga rituwal na ipinag-utos sa kanya para sa kanyang Hajj o 'Umrah', at magtanong tungkol sa mga bagay na hindi niya natutuhan ng husto.

5. Kapag ang isang Hajji 'Pilgrim' ay dumating sa *'Miqat'* (Himpilan ng Ihram), siya ay malayang pumili kung anong pamamaraan ng Hajj ang nais niyang isagawa: *Ifrad, Tamattu o Qiran.* Ang Hajj Tamattu ay higit na mabuti para sa mga taong hindi nagdala ng Hadi (ang natatanging hayop na isasakripisyo sa Makkah), samantalang ang Qiran ay higit na mabuti para sa mga taong may nadalang Hadi na isasakripisyo.

6. Kung ang isang *Muhrim* (ang taong pumasok sa kalagayan ng Ihram) ay nangangamba na baka hindi niya magampanan ang kabuuan ng mga rituwal ng Hajj dahil sa karamdaman o pangamba, siya ay dapat gumawa ng kondisyon sa kanyang *Niyyah* (layunin) na: "O' Allah, kung saan Mo man ako pipigilan ng pagsasagawa sa mga ritwal ay doon na rin ako magtatapos ng pagpasok sa kalagayan ng Ihram."

7. Ang Hajj ng mga bata ay may bisa, ngunit, hindi ito sapat na Hajj para sa kanila ng itinakdang Hajj sa Islam.

8. Ang isang *Muhrim* (naka-ihram) ay maaaring maligo o basain ang ulo niya o kamutin niya kung kinakailangan.

9. Ang isang babae ay maaaring takpan niya ang kanyang mukha sa pamamagitan ng kanyang *Hijab* (takip sa ulo) kung nangangamba na siya ay minamasdan ng mga kalalakihang hindi niya Mahram[2].

10. Ang nakaugalian ng mga kababaihan na maglalagay ng telang pantali ng ulo (headband) sa ilalim ng belo upang ilayo ito sa mukha. Ito ay walang batayan sa Islam.

11. Pinahihintulutang labhan ng isang *Muhrim* ang kanyang kasuotang Ihram at muling isuot ito o magsuot ng panibagong kasuotang Ihram.

---

[2] Ang matatawag na Mahram ng isang babae ay yaong mga kalalakihan na bawal magpakasal sa kanya ayon sa batas ng Islam, katuld ng kanyang sariling ama, kapatid na lalaki, at mga tiyuhin (ang mga tunay na kapatid na lalaki ng kanyang mga magulang) atb. Dapat alamin na ang pinsan na lalaki ay hindi kasali sa mga Mahram ng isang babae, gayun din ang kapatid na lalaki ng kanyang asawa. (Ang mga Tagasalin).

12. Kung ang isang *Muhrim* na nagsuot ng damit na tinahi o natakpan niya ang kanyang ulo o gumamit ng pabango ng dahil sa pagkalimot o kawalan ng kaalaman, ay wala siyang kabayaran *(Fidyah)* na dapat gawin.

13. Ang isang *Hajji* 'Pilgrim' na gumagawa ng *'Hajj Tamattu'* o kaya *'Umrah'* ay dapat na huminto sa pagbigkas ng Talbiyah kapag siya ay nakarating na sa Ka'aba bago magsimulang magsagawa ng 'Tawaf'.

14. Ang paglalakad ng mabilis na may makikitid na hakbang sa *Tawaf* at ang paglabas ng kanan balikat ay hindi ipinagtagubilin maliban lamang sa pagsasagawa ng *Tawaf Al-Qudoom* at ito ay angkop lamang para sa mga kalalakihan at hindi sa mga kababaihan. At itong paglalakad ng mabilis ay ipinag-utos lamang sa unang tatlong pag-ikot ng 'Tawaf.

15. Kung nag-aalinlangan ang Hajji kung ilang ikot na ang nagawa niya sa Tawaf, maging ito ay ikatlo o ikaapat, dapat niyang isaalang-alang ito bilang ikatlo lamang (pagbatayan ang mababang bilang ng pag-ikot). Ganito rin ang dapat niyang gawin sa *Sa'ey*.

16. Kung ang paligid ay puno ng tao (at gitgitan), walang masama kung ang pagsasagawa ng 'Tawaf' ay lagpas sa *Zamzam* at sa *Makamu Ibarahim* (o may kalayuan pang higit dito), sapagkat ang buong Sagradong Masjid ay isang pook ng 'Tawaf', maging sa lapag o silong nito o sa itaas na palapag ng Sagradong Masjid.

17. Kabilang sa mga ipinagbabawal o kasalanan ay ang pagsasagawa ng babae ng Tawaf na naka-adorno (nakamake-up),

gumagamit ng pabango at hindi niya tinatakpan ng maayos ang sarili.

18. Kung ang buwanang pagdurugo ng babae ay dumating, o kaya ay napanganak siya pagkaraang na siya ay nag-ihram (nasa kalagayan ng Ihram), hindi pinahihintulotan sa kanya ang magsagawa ng 'Tawaf' hanggang ang pag-agos ng dugo ay humupa at siya ay naligo.

19. Ang isang babae ay maaaring magsuot ng anumang damit para sa Ihram kung hindi nahahawig sa damit na panlalaki, at hindi nagpapakita ng kanyang kagandahan *(Adornments)* na magiging sanhi ng tukso sa mga kalalakihan.

20. Ang pagpapahayag ng *'Niyyah'* (layunin) para sa ibang gawang pagsamba (tulad ng

Salah) maliban sa Hajj' at 'Umrah' ay isang *Bid'ah* at ang pagbigkas nito ng malakas ay higit na masama.

21. Kung ang isang Muslim na nasa tamang gulang ay may balak na magsagawa ng Hajj o Umrah', ipinagbabawal sa kanya na dumaan sa *'Miqat'* na hindi siya nag-ihram dito.

22. Ang nagsasagawa ng Hajj o Umrah' na naglalakbay sa pamamagitan ng sasakyang panghimpapawid ay dapat mag-ihram sa mismong sasakyan kapag ito ay dumaan sa direksiyon ng Miqat. Dapat siyang nakahanda para sa pag-ihram bago pa marating ang gawing kinaroroonan ng Miqat, at walang masama kung siya ay mag-ihram na bago marating ang Miqat, lalo na kung siya ay nangangambang makatulog o makalimot habang siya ay nasa eroplano.

23. Ang ginagawa ng iba na paulit-ulit pagsasagawa ng Umrah mula sa *Tan'eem o sa Ji'iranah* pagkatapos ng Hajj ay walang batayan na ito ay ipinag-utos.

24. Ang nagsasagawa ng *Hajj Tamattu* ay muling magsagawa ng Ihram sa ika-walong araw ng *Dhul Hijjah* sa lugar na kanyang tinitirahan sa Makkah. Hindi na kailangang pumunta sa isang itinakdang pook sa Makkah tulad ng *Mizab* (ang tanda sa itaas ng Ka'aba) upang magsagawa dito ng Ihram, kagaya ng ginagawa ng karamihan, at hindi rin kinakailangang magsagawa ng paalam na Tawaf *(Tawaf al-Wida)* para sa kanyang paglisan mula sa Makkah patungong Mina.

25. Higit na mabuti na magtungo sa Arafah mula sa Mina sa ika-siyam na araw ng *Dhul Hijjah* pagsikat ng araw.

26. Hindi pinahihintulutan na lumisan mula sa Arafah sa ika-siyam na araw ng Dhul Hijjah bago lumubog ang araw. At kapag lumisan ang Hajji 'Pilgrim' pagkatapos lumubog ang araw ay nararapat siyang lumisan nang tahimik at marahan.

27. Ang Salah na Maghrib at Isha ay dapat isagawa pagkarating sa *Muzdalifah*, maging sa oras ng Maghrib o sa oras ng Isha.

28. Pinahihintulutang mag-ipon ng mga batong panghagis sa mga *Jamarat* kahit saan mang lugar na sakop ng hangganan ng Makkah (al-Haram), at hindi kailangang mula lamang sa Muzdalifah.

29. Hindi ipinapayo na hugasan ang mga batong panghagis, sapagkat ang Sugo ni Allah,

maging ang kanyang mga kasamahan ay hindi nila ito ginawa.

30. Pinahihintulutan sa mga mahihinang babae, mga bata at mga katulad nila na tumuloy mula sa *Muzdalifah* patungong Mina sa mga huling bahagi ng gabi.

31. Kapag dumating ang Hajji 'Pilgrim' sa *Mina* sa Araw ng *Eid* (ika-10 ng *'Dhul Hijjah'*) nararapat na itigil niya ang pagbigkas ng *Talbiyah* kapag nagsimulang maghagis ng bato sa *Jamarat al- Aqabah*.

32. Hindi kailangan na ang mga bato ay mailagay sa kinaroroonan ng Jamarat, ngunit ang kailangan lamang ay maihagis ito sa mismong Jamarat.

33. Ayon sa pinakatamang pasiya (legal opinion) ng mga iskular na Muslim, ang takdang panahon ng pagkatay ng hayop ay umaabot hanggang sa paglubog ng araw ng ika-13 ng Dhul Hijjah.

34. Ang *Tawaf al-Ifadah* sa ika-10 ng Dhul Hijjah ay isang mahalagang haligi ng Hajj, at hindi magiging ganap ang Hajj kung wala ito. Magkaganoon man, ito ay maaaring ipagpaliban hanggang matapos ang pananatili sa Mina.

35. Ang nagsasagawa ng *Hajj al-Qiran* (sabay ang Hajj at Umrah) ay dapat na magsagawa lamang ng isang Sa'ey. Ganito rin ang dapat gawin ng nagsasagawa ng *Hajj al-Ifrad.*

36. Higit na mainam sa isang Hajji 'Pilgrim' na gawin ang mga ritwal na kanyang isasagawa

sa Araw ng pag-alay (Araw ng Eid) sa paraan ng pagkasunod-sunod: Magsimula ng paghagis ng bato sa *Jamrat al-Aqabah*, pagkaraan nito, ay magkatay ng hayop, kasunod nito, ay ang pagpapa-ahit ng ulo o paggupit ng kanyang buhok, pagkaraan nito, ay magsagawa ng Tawaf sa Ka'ba "*Tawaf al-Ifadha*", kasunod nito, ay ang pagsasagawa ng *Sa'ey*. Magkaganoon man, kung isasagawa niya ang mga ritwal na ito sa ibang paraan ng pagkasunod-sunod ay walang masama.

37. Ang mga rituwal na kapag naisagawa ng isang Hajji 'Pilgrim' ay magiging malaya siya sa kalagayan ng Ihram, ito ay ang mga sumusunod: Ang paghagis ng Bato sa *Jamrat al-Aqabah*, ang pagpapa-ahit ng ulo o paggupit ng buhok sa ulo, at ang pagsasagawa ng Tawaf al-Ifadah na may Sa'ey.

38. Kung ang isang Hajjiay nagpasiyang paikliin ang pananatili niya sa Mina nang dalawang araw lamang, kailangan lumisan siya mula rito bago lumubog ang araw.

39. Ang bata na hindi kayang maghagis ng bato, ang kanyang tagapangalaga ay siyang dapat maghagis ng bato para sa bata, pagkaraang na siya ay nakapaghagis na ng bato para sa kanyang sarili.

40. Ang isang Hajji na walang kakayahang maghagis ng bato dahil sa karamdaman o katandaan, o iba pang dahilang makatuwiran ay pinahihintulutang kumuha ng isang tao upang gampanan ang paghagis ng bato para sa kanya.

41. Ang isang taong pinili upang maghagis ng bato ay kailangan muna na maghagis ng bato

para sa kanyang sarili at pagkatapos ay saka niya ihagis ang mga bato para sa taong nagtakda sa kanya sa paghagis. Ito ay kanyang isasagawa sa bawat Jamarat.

42. Isang tungkulin ng sinumang nagsasagawa ng *Hajj Tamattu o Hajj Qiran* – na hindi naninirahan sa *Masjid al-Haram-* ang mag-alay ng *Hadiy* (handog). Ito ay isang tupa (na kakatayin sa Makkah) o ikapitong bahagi ng isang kamelyo o ikapitong bahagi ng isang baka.

43. Kung ang isang Hajji ay walang kakayahang mag-alay ng *Hadi*, siya ay nararapat na mag-ayuno ng tatlong araw sa panahon ng Hajj at pitong araw pagkaraang bumalik sa kanyang bayan.

44. Higit na mainam sa isang Hajji 'Pilgrim' na isagawa ang pag-aayuno ng tatlong araw bago sumapit ang Araw ng Arafah, upang hindi siya mag-ayuno sa Arafah, dahil kung hindi niya ito gagawin, siya ay mapipilitan na mag-ayuno sa mga *Araw ng Tashreek* (Ito ang ika-11, 12, at 13 ng Dhul Hijjah).

45. Pinahihintulutang isagawa ang nabanggit na pag-aayuno ng tatlong araw nang magkakasunod o magkakahiwalay (may patlang). Ngunit ito ay hindi pinahihintulutang ipagpaliban makalipas ang mga *Araw ng Tashreek* (ang ika-11, 12 at 13 ng Dhul Hijjah). Ganito rin ang pag-aayuno ng pitong araw na maaaring isagawa nang magka-kasunod o magkakahiwalay.

46. Ang *Tawaf al-Wida* (Pamamaalam) ay dapat isagawa ng bawat Hajji, maliban na lamang ang isang babaeng may buwanang

pagdurugo (regla) o nasa panahon ng kapapanganak lamang.

47. Ang pagdalaw sa Masjid ng Propeta ni Allah (ﷺ) (sa lungsod ng Madina) ay isang *Sunnah*, na maaaring gawin bago ang panahon ng Hajj o pagkaraan ng Hajj o kahit sa anumang panahon ng taon.

48. Sa pagdalaw sa Masjid ng Propeta ni Allah (ﷺ), isang *Sunnah*, na ito ay simulan ng pagsasagawa ng dalawang *Rak'at* na *Salah* bilang pagbigay galang sa Masjid kahit saan mang lugar sa loob nito. Ngunit, higit na mainam kung ito ay maisagawa sa *Rawdah*.

49. Ang pagdalaw sa libingan ng Propeta at iba pang mga libingan ay pinahihintulutan lamang sa mga kalalakihan at hindi sa mga kababaihan, at sa kondisyon na ang

paglalakbay ay hindi dahil sa pagdalaw dito sa mga libingan.

50. Ang paghaplos sa mga dingding ng puntod ng Propeta (ﷺ) o ang paghalik dito o ang pagsasagawa ng Tawaf sa paligid nito ay mga *Bid'ah* na mahigpit na ipinagbabawal sa Islam, na hindi ginawa ng mga naunang mabubuting Muslim. At kung ang pagsasagawa ng Tawaf dito ay upang mapalapit sa Propeta (ﷺ), magkagayon ito ay itinuturing na malaking Shirk (pagbibigay katambal kay Allah).

51. Hindi pinahihintulutang manalangin kay Propeta Muhammad para sa katuparan ng mga kahilingan o para maalis ang anumang siphayo o pighati.

52. Ang pagkabuhay ng Propeta ni Allah (ﷺ) sa kanyang libingan ay pagkabuhay na nasa

kalagayan ng *Barzakh* (isang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at pagkabuhay muli sa Araw ng Paghuhukom), at hindi ito katulad ng buhay niya sa mundong ito bago siya namatay. At tanging si Allah lamang ang nakakaalam ng likas at katotohanan ng buhay sa *Barzakh*.

53. Ang ginagawa ng ilang tao na dumadalaw sa libingan ng Propeta na sila ay nananalangin dito habang nasa harapan ng libingan at itinataas ang mga kamay ay isang gawaing *Bid'ah*.

54. Ang pagdalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) ay hindi isang tungkulin, ni hindi isang kondisyon para sa kaganapan ng Hajj, gaya ng pag-aakala ng ilang karaniwang tao.

55. Ang mga Hadith na pinagbabatayan ng sinumang nagsasabi na ang paglalakbay

upang dumalaw sa libingan ng Propeta ay isang kautusan, ay hindi hihigit ng dalawang bagay lamang: Ito ay hindi mapananaligan o di kaya gagawa lamang ng isang tao.

# ANG MGA PANALANGIN (DU'A)

Ito ang mga panalangin *(Du'a)* na maaaring bigkasin sa *Arafah*, sa *Mas'ar al-Haram* at sa iba pang Pook-Dalanginan.

اللّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ العَفْوَ وَالْعَافِيَةَ فِي الدُّنْيَا وَالآخِرَةِ، اللّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْعَفْوَ وَالْعَافِيَةَ فِي دِيْنِي وَدُنْيَايَ وَأَهْلِي، وَمَالِي، اللّهُمَّ اسْتُرْ عَوْرَاتِي، وَآمِنْ رَوْعَاتِي، اللّهُمَّ احْفَظْنِي مِنْ بَيْنِ يَدَيَّ، وَمِنْ خَلْفِي، وَعَنْ يَمِينِي، وَعَنْ شِمَالِي، وَمِنْ فَوْقِي، وَأَعُوذُ بِعَظَمَتِكَ أَنْ أُغْتَالَ مِنْ تَحْتِي.

اللّهُمَّ عَافِنِي فِي بَدَنِي، اللّهُمَّ عَافِنِي فِي سَمْعِي، اللّهُمَّ عَافِنِي فِي بَصَرِي، لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ. اللّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْكُفْرِ، وَالْفَقْرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ، لاَ إِلَهَ إِلاَّ أَنْتَ.

اللّهُمَّ أَنْتَ رَبي لاَ إِلَهَ إلاَّ أَنْتَ، خَلَقْتَني وَأَنا عَبْدُكَ، وَأَنا عَلَى عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا استَطَعْتُ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتُ، أَبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ، وَأَبُوءُ لَكَ بِذَنْبِي فَاغْفِرْ لِي فَإِنَّهُ لاَ يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلاَّ أَنْتَ.

اللّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْهَمِّ وَالْحُزْنِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ الْعَجْزِ وَالْكَسَلِ، وَمِنَ الْبُخْلِ والْجُبْنِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ غَلَبَةِ الدَّيْنِ وَقَهْرِ الرِّجَالِ.

اللّهُمَّ اجْعَلْ أَوَّلَ هَذَا الْيَوْمِ صَلاَحاً، وَأَوْسَطَهُ فَلاَحاً، وَآخِرَهُ نَجَاحاً، وَأَسْأَلُكَ خَيْرَيِ الدُّنْيَا وَالآخِرَةِ يَا أَرْحَمَ الرَّاحِمِينَ.

اللّهُمَّ إِنِّي أسألك الرِّضَى بَعْدَ الْقَضَاءِ، وَبَرْدَ الْعَيْشِ بَعْدَ الْمَوْتِ، وَلَذَّةَ النَّظَرِ إِلَى وَجْهِكَ الكَرِيْمَ، وَالشَّوْقَ إِلَى لِقَائِكَ

فِي غَيْرِ ضَرَّاءَ مُضِرَّةٍ وَلاَ فِتْنَةٍ مُضِلَّةٍ، وَأَعُوذُ بِكَ أَنْ أَظْلِمَ أَوْ أُظْلَمَ، أَوْ أَعْتَدِيَ أَوْ يُعْتَدَى عَلَيَّ، أَوْ أَكْتَسِبَ خَطِيئَةً أَوْ ذَنْباً لاَ تَغْفِرُهُ، وَأَعُوذُ بِكَ أَنْ أُرَدَّ إِلَى أَرْذَلِ الْعُمُرِ.

اللَّهُمَّ اهْدِنِي لِأَحْسَنِ الْأَعْمَالِ وَالْأَخْلاَقِ لاَ يَهْدِي لِأَحْسَنِهَا إِلاَّ أَنْتَ، وَاصْرِفْ عَنِّي سَيِّئَهَا، لاَ يَصْرِفُ عَنِّي سَيِّئَهَا إِلاَّ أَنْتَ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لِي دِينِي، وَوَسِّعْ لِي فِي دَارِي، وَبَارِكْ لِي فِي رِزْقِي.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْقَسْوَةِ وَالْغَفْلَةِ وَالذِّلَّةِ وَالْمَسْكَنَةِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ الْكُفْرِ وَالْفُسُوقِ وَالشِّقَاقِ وَالنِّفَاقِ وَالسُّمْعَةِ وَالرِّيَاءِ. وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ الصَّمَمِ، وَالْبَكَمِ، وَالْجُذَامِ، وَسَيِّءِ الْأَسْقَامِ.

اللَّهُمَّ آتِ نَفْسِي تَقْوَاهَا، وَزَكِّهَا أَنْتَ خَيْرُ مَنْ زَكَّاهَا، أَنْتَ وَلِيُّهَا وَمَوْلاَهَا.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عِلْمٍ لاَ يَنْفَعُ، وَقَلْبٍ لاَ يَخْشَعُ، وَنَفْسٍ لاَ تَشْبَعُ، وَدَعْوَةٍ لاَ يُسْتَجَابُ لَهَا.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا عَمِلْتُ، وَمِنْ شَرِّ مَا لَمْ أَعْمَلْ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا عَلِمْتُ، وَمِنْ شَرِّ مَا لَمْ أَعْلَمْ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ زَوَالِ نِعْمَتِكَ، وَتَحَوُّلِ عَافِيَتِكَ، وَفُجَاءَةِ نِقْمَتِكَ، وَجَمِيعِ سَخَطِكَ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْهَدْمِ وَالتَّرَدِّي وَمِنَ الْغَرَقِ وَالْحَرْقِ وَالْهَرَمِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ أَنْ يَتَخَبَّطَنِي الشَّيْطَانُ عِنْدَ الْمَوْتِ،

وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ أَنْ أَمُوتَ لَدِيغاً، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ طَمَعٍ يَهْدِي إِلَى طَبْعٍ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ مُنْكَرَاتِ الْأَخْلَاقِ وَالْأَعْمَالِ وَالْأَهْوَاءِ وَالْأَدْوَاءِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ غَلَبَةِ الدَّيْنِ، وَقَهْرِ الْعَدُوِّ، وَشَمَاتَةِ الْأَعْدَاءِ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لِي دِينِي الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِي، وَأَصْلِحْ لِي دُنْيَايَ الَّتِي فِيهَا مَعَاشِي، وَأَصْلِحْ لِي آخِرَتِي الَّتِي فِيهَا مَعَادِي، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لِي فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَالْمَوتَ رَاحَةً لِي مِنْ كُلِّ شَرٍّ، رَبِّ أَعِنِّي وَلا تُعِنْ عَلَيَّ، وَانْصُرْنِي وَلاَ تَنْصُرْ عَلَيَّ، وَاهْدِنِي وَيَسِّرِ الْهُدَى لِي.

اللَّهُمَّ اجْعَلْنِي ذَكَّاراً لَكَ، شَكَّاراً لَكَ، مِطْوَاعاً لَكَ، مُخْبِتاً إِلَيْكَ، أَوَّاهاً مُنِيباً، رَبِّ تَقَبَّلْ تَوْبَتِي، وَاغْسِلْ حَوْبَتِي، وَأَجِبْ

دَعْوَتِي، وَثَبِّتْ حُجَّتِي، وَاهْدِ قَلْبِي، وَسَدِّدْ لِسَانِي، وَاسْلُلْ سَخِيمَةَ صَدْرِي.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الثَّبَاتَ فِي الأَمْرِ، وَالْعَزِيمَةَ عَلَى الرُّشْدِ، وَأَسْأَلُكَ شُكْرَ نِعْمَتِكَ، وَحُسْنَ عِبَادَتِكَ، وَأَسْأَلُكَ قَلْباً سَلِيماً، وَلِسَاناً صَادِقاً، وَأَسْأَلُكَ مِنْ خَيْرِ مَا تَعْلَمُ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا تَعْلَمُ، وَأَسْتَغْفِرُكَ لِمَا تَعْلَمُ، إِنَّكَ عَلاَّمُ الغُيُوبِ.

اللَّهُمَّ أَلْهِمْنِي رُشْدِي وَأَعِذْنِي مِنْ شَرِّ نَفْسِي. اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ فِعْلَ الْخَيْرَاتِ وَتَرْكَ الْمُنكَرَاتِ، وَحُبَّ الْمَسَاكِينِ، وَأَنْ تَغْفِرَ لِي وَتَرْحَمَنِي، وَإِذَا أَرَدْتَ بِعِبَادِكَ فِتْنَةً، فَتَوَفَّنِي إِلَيْكَ غَيْرَ مَفْتُونٍ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ حُبَّكَ وَحُبَّ مَنْ يُحِبُّكَ، وَحُبَّ كُلِّ عَمَلٍ يُقَرِّبُنِي إِلَى حُبِّكَ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَ الْمَسْأَلَةِ، وَخَيْرَ الدُّعَاءِ، وَخَيْرَ النَّجَاحِ، وَخَيْرَ الثَّوَابِ، وَثَبِّتْنِي وثَقِّلْ مَوَازِينِي، وَحَقِّقْ إِيمَانِي، وَارْفَعْ دَرَجَتِي، وَتَقَبَّلْ صَلاَتِي، وَعِبَادَاتِي، وَاغْفِرْ خَطِيئَاتِي، وَأَسْأَلُكَ الدَّرَجَاتِ الْعُلَى مِنَ الْجَنَّةِ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ فَوَاتِحَ الْخَيْرِ، وَخَوَاتِمَهُ، وَجَوَامِعَهُ، وَأَوَّلَهُ وآخِرَهُ، وظَاهِرَهُ وَبَاطِنَهُ، وَالدَّرَجَاتِ العُلَى مِنَ الجَنَّةِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ أَنْ تَرْفَعَ ذِكْرِي، وَتَضَعَ وِزْرِي، وَتُطَهِّرَ قَلْبِي، وَتُحَصِّنَ فَرْجِي، وَتَغْفِر لِي ذُنُوبِي، وَأَسْأَلُكَ الدَّرَجَاتِ الْعُلَى مِنَ الجَنَّةِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ أَنْ تُبَارِكَ فِي سَمْعِي، وَفِي بَصَرِي، وَفِي خَلْقِي، وَفِي خُلُقِي، وَفِي أَهْلِي وَفِي مَحْيَايَ، وَفِي عَمَلِي، وَتَقَبَّلْ حَسَنَاتِي، وَأَسْأَلُكَ الدَّرَجَاتِ الْعُلَى مِنَ الجَنَّةِ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ جَهْدِ الْبَلاءِ، ودَرَكِ الشَّقَاءِ، وَسُــوءِ القَضَاءِ، وَشَمَاتَةِ الأَعْدَاءِ.

اللَّهُمَّ مُقَلِّبَ الْقُلُوبِ، ثَبِّتْ قَلْبِي عَلَى دِينِكَ، اَللَّهُمَّ مُــصَرِّفَ القُلُوبِ صَرِّفْ قُلُوبَنَا عَلَى طَاعَتِكَ.

اللَّهُمَّ زِدْنَا وَلاَ تَنقُصْنَا، وَأَكْرِمْنَــا وَلاَ تُهِنَّــا، وَأَعْطِنَــا وَلاَ تَحْرِمْنَا، وَآثِرْنَا وَلاَ تُؤْثِرْ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ أَحْسِنْ عَاقِبَتَنَا فِي الأُمُورِ كُلِّهَا، وَأَجِرْنا مِنْ خِزْيِ الدُّنْيَا وَعَذَابِ الآخِرِةِ.

اللَّهُمَّ اقْسِمْ لَنَا مِنْ خَشْيَتِكَ مَا تَحُولُ بِهِ بَيْنَنَا وَبَيْنَ مَعْصِيَتِكَ، وَمِنْ طَاعَتِكَ مَا تُبَلِّغُنَا بِهِ جَنَّتَكَ، وَمِنَ الْيَقِينِ مَا تُهَــوِّنُ بِــهِ عَلَيْنَا مَصَائِبَ الدُّنْيَا، وَمَتِّعْنَا بِأَسْمَاعِنَا وَأَبْصَارِنَا وَقُوَّاتِنَا مَــا

أَحْيَيْتَنَا، وَاجْعَلْهَا الْوَارِثَ مِنَّا، وَاجْعَلْ ثَأْرَنا عَلَى مَنْ ظَلَمَنَا، وَانْصُرْنَا عَلَى مَنْ عَادَانَا، وَلاَ تَجْعَلِ الدُّنْيَا أَكْبَرَ هَمِّنَا، وَلاَ مَبْلَغَ عِلْمِنا، ولا تَجْعَلْ مُصِيبَتَنَا فِي دِينِنَا، وَلاَ تُسَلِّطْ عَلَيْنَا مَنْ لاَ يَخَافُكَ وَلاَ يَرْحَمُنَا.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مُوجِبَاتِ رَحْمَتِكَ، وَعَزَائِمَ مَغْفِرَتِكَ، وَالغَنِيمَةَ مِنْ كُلِّ بِرٍّ، وَالسَّلاَمَةَ مِنْ كُلِّ إِثْمٍ، وَالْفَوْزَ بِالجَنَّةِ، وَالنَّجَاةَ مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ لاَ تَدَعْ لَنَا ذَنْبًا إِلاَّ غَفَرتَهُ، وَلاَ عَيْباً إِلاَّ سَتَرْتَهُ، وَلاَ هَمًّا إِلاَّ فَرَّجْتَهُ، وَلاَ دَيْناً إِلاَّ قَضَيْتَهُ، وَلاَ حَاجَةً مِنْ حَوائِجِ الدُّنْيَا وَالآخِرَةِ هِيَ لَكَ رِضىً وَلَنَا صَلاَحٌ إِلاَّ قَضَيْتَهَا يَا أَرْحَمَ الرَّاحِمِينَ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ رَحْمَةً مِنْ عِنْدِكَ، تَهْدِي بِهَا قَلْبِي، وَتَجْمَعُ بِهَا أَمْرِي، وَتَلُمُّ بِهَا شَعْثِي، وَتَحْفَظُ بِهَا غَائِبِي وَتَرْفَعُ بِهَا شَاهِدِي، وَتُبَيِّضُ بِهَا وَجْهِي، وَتُزَكِّي بِهَا عَمَلِي، وَتُلْهِمُنِي بِهَا رُشْدِي، وَتَرُدُّ بِهَا الْفِتَنَ عَنِّي، وَتَعْصِمُنِي بِهَا مِنْ كُلِّ سُوءٍ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الْفَوْزَ يَوْمَ الْقَضَاءِ، وَعَيْشَ السُّعَدَاءِ، وَمَنْزِلَ الشُّهَدَاءِ، وَمُرَافَقَةَ الأَنْبِيَاءِ، وَالنَّصْرَ عَلَى الأَعْدَاءِ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ صِحَّةً فِي إِيمَانٍ، وَإِيمَاناً فِي حُسْنِ خُلُقٍ، وَنَجَاحاً يَتْبَعُهُ فَلاَحٌ، وَرَحْمَةً مِنْكَ وَعَافِيَةً مِنْكَ وَمَغْفِرَةً مِنْكَ وَرِضْوَاناً.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الصِّحَّةَ وَالْعِفَةَ، وَحُسْنَ الْخُلُقِ وَالرِّضَى بِالْقَدَرِ.

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ نَفْسِي، وَمِنْ شَرِّ كُلِّ دَابَّةٍ أَنْتَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهَا إِنَّ رَبِّي عَلَى صِرَاطٍ مُسْتَقِيمٍ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ تَسْمَعُ كَلَامِي، وَتَرَى مَكَانِي، وَتَعْلَمُ سِرِّي وَعَلَانِيَتِي، وَلَا يَخْفَى عَلَيْكَ شَيْءٌ مِنْ أَمْرِي، وَأَنَا الْبَائِسُ الْفَقِيرُ، وَالْمُسْتَغِيثُ الْمُسْتَجِيرُ، وَالْوَجِلُ الْمُشْفِقُ الْمُقِرُّ الْمُعْتَرِفُ إِلَيْكَ بِذَنْبِهِ، أَسْأَلُكَ مَسْأَلَةَ الْمِسْكِينِ، وَأَبْتَهِلُ إِلَيْكَ ابْتِهَالَ الْمُذْنِبِ الذَّلِيلِ، وَأَدْعُوكَ دُعَاءَ الْخَائِفِ الضَّرِيرِ، دُعَاءَ مَنْ خَضَعَتْ لَكَ رَقَبَتُهُ، وَذَلَّ لَكَ جِسْمُهُ، وَرَغِمَ لَكَ أَنْفُهُ.

## Mga Nilalaman

Ang Panimula .......... 3

Mga Mahahalagang Payo .......... 6

Mga Bagay Na Nakapagpapawalang-saysay Ng Pananampalataya .......... 13

Paano Isinasagawa Ang Hajj? .......... 23

Ang Pagsasagawa Ng Umrah .......... 28

Ang Pagsasagawa Ng Hajj .......... 37

Ang Mga Tungkulin Ng Naka-ihram .......... 46

Ang Pagdalaw Sa Masjid Ng Propeta .......... 52

Mga Pagkakamali Ng Ilang Hajji .......... 59

Mga Maiikling Tagubilin .......... 77

Ang Mga Panalangin "Dua" .......... 97

# دليل
# الحاج والمعتمر
## وزائر مسجد الرسول ﷺ


تأليف

هيئة التوعية الإسلامية في الحج

اعتماد

اللجنة الدائمة للبحوث العلمية والإفتاء

وسماحة الشيخ

محمد بن صالح العثيمين

ترجمة

أحمد جبريل سلاس

محمد سلطان سهاغون

أبو جهاد جمال جيوبيس

منيب ممدوح سرنجاني


باللغة الفلبينية (تغالوغ)


وكالة المطبوعات والبحث العلمي

وزارة الشؤون الإسلامية والدعوة والإرشاد

المملكة العربية السعودية

١٤٣٩ هـ